- Lazaga, J. (2023). Folklore and regional consciousness. In CCP Intertextual Division (Ed.), *Reading the regions: Klima. Kronika. Kuerpo* (p. 5).
- Lefkowitz, L. H. (1997). *Textual bodies: Changing boundaries of literary representation*. State University of New York Press.
- Mallari, J. C. (2023). The body as memory. In CCP Intertextual Division (Ed.), *Reading the regions: Klima. Kronika. Kuerpo* (pp. vi–vii, 39).
- Olayo, F. (2020). *Body of work*. Gantala Press.
- Reyes, A. M. (2020). *Voices of the marginalized: Ilokano poetics and activism*. Ateneo de Manila University Press.
- Santos, R. P. (2017). Poetry as pedagogy: Collective memory in Filipino activist verse. *Philippine Literary Review*, 33(2), 98–110.
- Sciolino, E. (1997). *The outlaw state: Saddam Hussein's quest for power and the Gulf crisis* (p. 51). John Wiley & Sons.
- Yabes, L. Y. (1975). *Philippine Short Stories, 1925-1940*.
<https://www.goodreads.com/book/show/4057958-philippine-short-stories-1925-1940>



Pagsusuri sa Pananaw ng mga Guro hinggil sa Telenobelang “Maria Clara At Ibarra” Bilang Kagamitang Pampagtuturo sa Filipino

Allan Mark C. Sotto
Antipolo City Senior High School
allanmark.sotto@deped.gov.ph/mhythestro@gmail.com

Angelo B. Barquilla
De La Salle-College of Saint Benilde
barquillangelo@gmail.com

Abstract

Maria Clara at Ibarra is one of the telenovelas that depicted the experiences of Filipinos during the Spanish colonization. According to the study by Corona (2023), the show introduced influences, new ideologies, and motivations to viewers, which could offer significant potential for broader educational use and the materialization of the show as a tool for understanding and learning and possible usage as a learning tool. With this in mind, the primary focus of this research is to analyze the perspectives of selected teachers and students on the use of the telenovela Maria Clara at Ibarra as an instructional tool in teaching Filipino, particularly in teaching Noli Me Tangere. The study employs Thematic Content Analysis (Braun & Clarke, 2006) as its method, anchored on Interest Theory (Hidi & Renninger, 2006) to assess its effectiveness as a teaching material in Filipino 9. The research also utilizes Thematic Interviews (Braun & Clarke, 2006) to gather insights from selected teachers and students of the Pasig Catholic College – Junior High School and Senior High School, Filipino Department. Findings from the research indicate that the integration of knowledge among teachers, media, and literature is essential in education. Therefore, the telenovela Maria Clara at Ibarra can only be an effective teaching tool if it is complemented by the appropriate teaching strategies, ensuring its proper application in literature instruction.

Keywords: Maria Clara at Ibarra (MCI), Pop Culture, Instructional Material, Media, Language and Literature

Abstrak

Ang Maria Clara at Ibarra ay isa sa mga telenobelang naglatag ng danas ng mga Pilipino sa pananakop ng mga Kastila. Ayon sa pag-aaral ni Corona (2023) ang palabras



ay naglatag ng impluwensiya, bagong ideolohiya at motibasyon sa mga manonood na maaring maghatid ng malaking potensyal sa mas malawakang gamit sa edukasyon at materyalisasyon ng palabas tungo sa pag-unawa at pagkatuto ng mga mag-aaral hanggang sa gamit nito bilang kagamitang pampagtuturo. Sa ganitong palagay, pangunahing tuon ng pananaliksik na ito ay masuri ang pananaw ng mga piling guro at mag-aaral sa gamit ng telenobelang “Maria Clara at Ibarra” bilang kagamitang pampagtuturo sa Filipino partikular sa pagtuturo ng Noli Me Tangere gamit ang Thematic Content Analysis (Braun and Clarke, 2006) bilang metodo na naka-angkla sa teoryang Interest Theory (Hidi at Renninger, 2006) bilang kagamitang pampagtuturo sa Filipino 9 partikular sa pagtuturo ng Noli Me Tangere. Ginamit naman sa pag-aaral ang Thematic Interview (Braun at Clarke, 2006) bilang pamamaraan ng pangangalap ng datos mula sa mga pananaw ng mga piling guro at mag-aaral sa Pasig Catholic College- Junior High School at Senior High School, Filipino Department. Naunawaan sa pananaliksik na isinagawa na mahalaga ang kaisahan ng kaalaman ng mga guro, midya, at panitikan sa pagtuturo. Kaya’t magiging mabisa lamang ang telenobelang Maria Clara at Ibarra bilang kagamitang pampagtuturo kung ito ay aangkupan ng wastong pamamaraan ng guro upang mailapat ito sa pagtuturo ng panitikan.

Susing salita: Maria Clara at Ibarra (MCI), Pop Culture, Instructional Material, Media, Language and Literature

Introduksiyon

Marami sa kabataan ang napupukaw ang atensiyon sa panonood ng iba’t ibang palabas na nauuso sa telebisyon maging sa sosyal midya at multimidya; partikular na ang sikat na sikat ngayong teleserye na ‘Maria Clara at Ibarra’ na kinahuhumalingang panoorin at tangkilikin ng mga kabataan. Gayon din ang pagbabasa ng iba’t ibang paskil hinggil sa palabas na umani ng mga samo’t saring reaksiyon sa sosyal midya.

Ayon kay Corona J. (2023) “Maria Clara at Ibarra peaked with its highest ratings in Television Drama Series. This impacted many people, especially the Youth in watching and reading the physical copies of the books, by rediscovering the world of Noli me Tangere and the Other Philippine Literature.” Nangangahulugan lamang na marami ang namangha at nagkaroon ng interes upang basahing muli ang nobela ni Rizal. Hudyat ito na malaki at malalim ang ang naging epekto nito sa mga manonood at mambabasa. Isa rin itong senyales na marami sa kabataan sa kasalukuyan lalo na ang mga mahihilig magbasa ng mga panitikan ay maaring magkaroon sila ng katanungan at maghanap ng kasagutan hinggil sa kung malaki nga ba ang pagkakaiba ng kuwento sa telebisyon kumpara sa aktuwal na nakatala sa nobela.



Ayon kay Briones L. (2022), “Maria Clara at Ibarra emphasizes the connection of the stories’ injustices to modern injustices.” Dahil dito maraming manonood din ang napukaw ang atensyon sa sistema ng hustisya noon kung ihahambing sa kasalukuyan. Naging daan ito upang magbukas kamalayan sa karamihan ang kalagayang panlipunan noon at ngayon.

Ayon muli sa pag-aaral ni Corona J. (2023) “Adaptation of Noli Me Tangere to Drama series has many reasons and has greatly impacted the community and the viewers, especially the youth who are eagerly waiting and watching the Drama series. Film and Drama Series adaptations of books can sometimes provide a new perspective because the filmmakers take creative liberties and add their own touches to the film. This provides the audience with a fresh perspective, especially if they have already read the book.” Ang pagkahumaling ng mga manonood partikular ang mga kabataan at estudyante ay ilan sa mga dahilan at salik na nagdudulot sa kabataan upang makatuklas, magkaroon ng interes, sariling pananaw, at kaalaman sa kasaysayan ng Pilipinas na maaaring magtulak upang mabuksan ang kanilang kamalayan at kuryosidad sa mga kaganapan na kanilang nababatid sa mga nababasa at napapanood. Sa kabilang banda’y maari rin itong magdulot ng miskonsepsyon at misinterpretasyon sa pag-unawa ng napapanood at nababasa dahilan na rin ng pagkakaiba ng aktuwal na nakatala’t nakalimbag sa aklat at ang kaibahan ng kuwento nito bilang palabas.

Ilan sa mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral positibo o negatibo man ay ang pagtangkilik sa iba’t ibang genre ng palabas at babasahin mula sa multimidya, teksbuk, e-book, at aklat gamit ang makrong kasanayan na panonood at pagbabasa. Batid ng mga edukador, madla, at mga estudyante mula pa noon ang kahalagahan tungkol sa pag-aaral, pagbabasa, at pagtuturo ng Obra Maestra ni Rizal na Noli Me Tangere at El Filibusterismo sa iba’t ibang paaralan sa Pilipinas. Maraming dulog, pamamaraan, teknik, estratehiya, at pedagohiya ang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo nito gamit ang iba’t ibang batis ng karunungan maisalin lamang sa mga mag-aaral ang kaalaman, dunong at kahalagahan ng pag-aaral ng dalawang obra ni Rizal.

Sa iba’t ibang panahon at pagkakataon ay malaking hamon sa mga edukador ang pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa bawat henerasyon. Dahilan na rin ng paglipas ng panahon mula sa tradisyunal patungo sa dihital na modernong pamamaraan bilang kahingian at pagyakap sa pamantayan ng ika-21 siglo ng pagtuturo at pagkatuto. Ang ganitong mga usapin ay hindi na lamang patungkol sa pagpapabatid at pagsasalin ng kaalaman sa mga mag-aaral at kabataan, bagkus kalakip na rin nito ang kaisahang diwa ng mag-aaral at guro kaakibat ang pagkakaroon ng mabisang komunikasyon at relasyon na bibigkis upang magsilbing daan sa isang mabisang ugnayan, at mabungang pagkatuto.

Ano’t anuman ang asignatura, disiplina at kasanayan sa pagkatuto, mayroong mga pamamaraan, instruksyunal, at kagamitan ang makatutulong sa mga edukador at magulang.



Bawa't isa'y mayroong layuning makapaglinang at maisakatuparan ng ganap ang mithiing maabot at masiguradong epektibo't ganap ang pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa panahon ngayo'y 'di maitatangging malaki na ang naging ambag at dulot ng sosyal midya sa kasalukuyan. Iba't iba ang epekto sa mga mag-aaral at kabataan, dumating na sa puntong ang sikat at tanyag na obra ni Rizal na *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo* ay biglang kinahuhumalingan ng nakararami dahilan pagpapalabas ng isang teleseryeng pinamagatang 'Maria Clara at Ibarra', ang palabas ay hinggil sa nilalaman ng dalawang nobela na obra ni Rizal na pinagsama't pinag-ugnay sa iisang kuwento ng palabas. Dahil sa ganda ng takbo at konsepto ng kuwento ay tinangkilik ito ng mga manunuod at karamihan ay mga mag-aaral na kabataan at mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino sa antas ng sekundarya partikular sa baitang 9 at 10.

Ang palabas ay nagsilbing tulay upang tangkiliking muli ng nakararami ang obra ni Rizal. Marami ang binalikang basahin muli ang mga nobela, matukoy lamang ang susunod na pangyayari sa palabas. Sa pagkakataong ito'y maaaring magamit ang palabas na 'Maria at Clara at Ibarra' sa pagtuturo ng mga obra ni Rizal. Sa kabilang banda nama'y may mga iilang kaisipan at katanungang nabuo tungkol sa panonood ng mga nakararami rito na baka ang mangyari'y akalain na ng ibang manonood na ang palabas sa Maria Clara at Ibarra ay ang aktuwal na pangyayaring inilimbag o itinala ni Rizal sa kaniyang Nobelang Obra. Kaya nama'y ninanais naming mga mananaliksik na matukoy at malaman sa pamamagitan ng pag-aaral, pagsasaliksik at panayam kung ano ang mga epekto, pananaw, kuro, at reaksiyon ng mga guro at mag-aaral hinggil sa panonood at paggamit at ng Maria Clara at Ibarra bilang kagamitang pampagtuturo. At kung hindi ba makaaapekto sa pagkatuto at pag-unawa ng mga estudyante ang panonood ng Maria Clara at Ibarra sa pag-aaral at pagbabasa ng nobela niya sa aklat bilang batayan.

Kaugnay na Literatura

Ang Maria Clara at Ibarra bilang Kulturang Popular

Ayon kay Delaney (2007), ang terminong 'kulturang popular' ay nagtataglay ng iba't ibang pagpapakahulugang depende sa kung papaano ginamit ang konteksto at kung sino ang nagbibigay ng pagpapakahulugan dito. Maaari itong makilala bilang isang bernakular o kultura ng mga tao na nangibabaw sa isang yugto ng panahon sa loob ng lipunan.

Dagdag pa niya, napakaraming pinagmumulan ng kulturang popular....ang pangunahing pinagmumulan ay ang *mass media*, lalo na ang mga sikat na musika, pelikula, telebisyon, radyo, mga *video game*, mga aklat, at ang *internet*. Karagdagan, ang pag-unlad sa komunikasyon ay lalong nagpapatibay nang mas mahusay na paghahatid ng mga ideya sa pamamagitan ng salita na nagmula sa bibig, katulad na lamang ng paggamit ng mga



cellphone....Ang pagsasanib-sanib ng mga kulturang popular ay kumakatawan sa landas ng nobela na nagpapataas ng interes ng publiko, at lalo pang nagpapaigting ng maramihang paggawa ng mga kalakal at kailanganin.

Mula sa pag-aaral ni Garchitorena (2013), ayon kay Lumbera (1984) sa kaniyang aklat na *Revaluation: Essays on Philippine Literature, Theater and Popular Culture*, ang kulturang popular sa Pilipinas ay nabuo at nagamit lamang ng mga Espanyol sa mga katutubong Pilipino o sa mga Indio sa pamamagitan ng mga dula at mga panitikan upang kunin ang puso ng mga katutubo. Ang pinagmulan ng kulturang popular sa pananakop sa Pilipinas ay maaaring mabakas sa pagtingin at pagtuklas ng mga pagbabagong naganap sa mga panitikan sa Pilipinas.

Ipinaliwanag ni Tolentino (2022), “[Ang kulturang popular,] *it is out there but kanya-kanya tayong pag-[a]gapay dito. Imagine the same way, may pressure point din. Kung lahat ng kaklase ninyo napanood itong popular film na ito, how does it feel na kayo [na] lamang ang hindi nakakapanood nito. So, it marks an inclusive and exclusive imagined fear... [that] a lot of people, in the experience of pop culture, really make...do kung anong uso.*” Sa pahayag na ito, mas nailalapit natin ang ating pag-unawa sa kung ano ang maaaring tangkilikin ng mga tao. Ito rin ang maghahatid sa pagbibigay-diin sa epekto ng kulturang popular tulad ng mga teleserye sa paghubog sa interes ng mga mag-aaral.

Kaliwa’t kanan ang mga palabas na maaaring panoorin ng mga tao. Kaya malaking hamon kung papaano paigtingin ang mga ito bilang mahalagang salik na dapat pag-aralan. Ayon kay Sanchez (2018), “Sa aking pagsuong sa masasabing madilim, mapanglaw pang kagubatan ng araling teleserye, dala-dala ko ang kislap-diwang ito, lalo pa’t nahaharap ako sa hámon ng paggigiit sa dalawang bagay—na (1) isa ngang mahalagang teksto ng ating panahon ang teleserye, at (2) kailangan itong mapag-aralan, agad-agad, sa láyong higit na mapatalim ang paghinuha rito bílang teksto, at sa buong kulturang popular sa pangkalahatan.”

Sa halagang naidudulot ng kulturang popular tulad ng mga teleserye, nararapat lamang na maiugnay ito sa pagtuturo upang mas maging mapanghalina ang bawat aralin na pag-aaralan. At upang maging mabisa ang mga ito, dapat lamang din na ito ay mapag-aralan nang lubos. Makatutulong ang pananaliksik na ito upang mapaunlad nang husto ang kahalagahan ng pagsasanib ng kulturang popular at edukasyon.

Ayon kay Kirkland (2022), ang kulturang popular ay nagsisilbing indikasyon at punto ng pagkakapare-pareho na nagbubukas ng mga pinto upang makabuo ng koneksiyon sa pagitan ng mga mag-aaral at mga hilig nila. Ang kamalayan sa mga kilalang palabas o mga serye ay nagbibigay sa atin ng oportunidad para makapagbigay ng tanong sa mga mag-aaral tungkol sa kani-kanilang interes.



Dahil nailalapit ng guro ang kaniyang itinuturo sa interes ng mag-aaral sa pamamagitan ng mga kulturang popular tulad ng mga teleserye, mas magiging kasiya-siya ang klase at mapagtutuoan ng pansin ang halaga ng interes ng mga mag-aaral sa bawat pagtalakay ng paksa. Mahalaga ito sa aming pananaliksik dahil ang guro ay kinakailangang sumabay sa mga pagbabago upang mas maging mabisa ang paggamit at pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo.

Ipinaliwanag naman ni Saberola (2018) na maaaring gamitin ang kulturang popular sa iba't ibang aralin bilang kagamitang pampagtuturo. Mas madaling matutuhan ng mga bata ang mga araling ginamitan ng bahagi ng kulturang popular dahil nakasabay sila rito. Ang mga sikat na personalidad, *cartoons*, musika, at marami pang iba ay maaaring iugnay sa mga aralin upang mas madali nilang maunawaan. Nagreresulta ang ganitong estilo ng pagtuturo nang mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral. Ibig sabihin, ang bahagi ng kulturang popular ay akma sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Pinatutunayan nito na malaki ang saysay ng kulturang popular sa mga mag-aaral upang mas maunawaan ang lipunang kanilang ginagalawan.

Ang kulturang popular ang naging paraan ng mga Espanyol upang makuha ang puso ng mga Pilipino. Ito rin ang lantad na pagpapakita ng pagpapatakbo sa isipan ng mga tao at lalong-lalo na ang naging pangunahing pinagkukunan iba't ibang impormasyon. Ang mga panitikan ay patuloy na nagiging daan bilang mga kulturang popular na sumasangkot sa bahagi ng buhay ng mga tao. Samakatuwid, malaki ang maitutulong ng mga pahayag na ito sa aming pananaliksik upang mabigyan ng diin ang halaga ng pagsangkot ng mga guro ng kulturang popular sa pagtuturo.

Maria Clara at Ibarra Bilang Kagamitang Pampagtuturo

Ayon sa pag-aaral ni Rodwell (2010) na pinabulaanan din ni Tugano (2021) na maliban sa nakasanayan na mga gawain tulad ng talasalitaan, mga pangganyak, pagbabasa, at iba pang estratehiya, pinakamabisa ay pagpapanood ng pelikula at pagpapagawa ng dula-dulaan. Sa pagtuturo ng isang nobela gaya ng akda ni Rizal na mandatoryong itinuturo sa mga mag-aaral sa highschool bilang bahagi ng kanilang kurikulum at isang paraan ng pagpapairal ng nasyonalismo, ang panonood ng pelikula ay isang pamamaraan na ginagamit ng mga guro upang mas maunawaan ang mensahe ng nobelang *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo* dahil sa nagbabagong interes ng mga mag-aaral kaya hindi lamang dapat nakakulong ang mga estratehiya sa pagtuturo ng panitikan sa pagbabasa ng isang akda.



Ayon kay Reyes (1996) mula sa pag-aaral ni Largo (2021), ang pelikula ay may pinakamalawak na impluwensiya sa publiko sapagkat naipakikita nito nang malinaw at tiyak ang kaisipan, damdamin at sitwasyon na umiinog sa mga pangyayari. Bahagi na ng kulturang Pilipino ang pagkahilig sa panonood at paggamit ng telebisyon kung kaya't ang pagsasalin ng panitikan patungo sa pantelebisyon pangoorin ay malaking bentahe sa mga tao. Sa pamamagitan nito ay mas napupukaw ang interes at damdamin ng manonood dahil mas nararamdaman niya ang kwento dahil sa malinaw na pagsasatao ng mga karakter mula sa itsura, pananamit, at iba pang elemento ng palabas kagaya ng sinematograpiya, tunog at musikang ginagamit, at iskrip ng mga tauhan na nagbibigay ng buhay sa mensaheng ipinararating nito sa madla.

Ayon kay Solitario (2019), *"Noli Me Tangere is one of the most re-adapted versions of Jose Rizal's novel that was filmed and televised on screen and mostly sought out to plays and theaters."* Ang nobelang ito ay tinatalakay sa paaralan bilang bahagi ng pag-aaral at pag-unawa sa mayamang panitikan ng Pilipinas. Bukod sa paaralan ay naipalabas na rin ito sa iba't ibang daluyan ng panitikan gaya ng telebisyon at tanghalan upang mas maunawaan at maisabuhay ang bawat bahagi ng nobela.

Ayon kay Gondinez (2022), *"Maria Clara at Ibarra has transcended the hype, having enticed non-readers as well to revisit Noli Me Tangere and its sequel El Filibusterismo..."* Sa tulong ng teleseryeng nagbigay ng bagong kulay at panlasa sa nobela ni Dr. Jose Rizal, muling nabuhay sa puso ng mga manonood ang kagustuhan nilang alamin at unawain ang mensaheng nais ipaunawa ng manunulat. Mas napukaw ang interes ng mga tagatangkilik nito maging silang hindi mahilig sa pagbabasa ng panitikan.

Ayon sa isang artikulo mula sa website na Bilyonaryo.com (2022), *"Maria Clara at Ibarra gives us a platform, through the adaptation, to revive and rediscover the Philippine Literature that is slowly dying out due to negligence and being uninterested and undesirable of the literary pieces that bored the youth into reading it."* Isa sa kinahaharap na suliranin ng mga guro at tagapagturo ng panitikan ay kung paano makukuha ang atensyon at interes ng mga mag-aaral upang alamin at unawain ang mga umiiral na panitikan sa bansa. Ito ay isang malaking hamon bunsod na rin ng makabagong teknolohiya na kinagigiliwan ng kabataan kung kaya't isang matalinong pamamaraan ang muling pagbibigay ng buhay sa nasabing nobela sa pamamagitan nang paggawa ng teleserye dahil napukaw ang interes hindi lamang ng mga mag-aaral bagkus pati na rin ng mga guro upang gamitin ang palabas na ito sa pagtuturo nila ng panitikan na unti-unti nang isinasantabi ng mga kabataan.

Ang gamit ng "Multimedia" bilang Kagamitang Panturo

Sa pagbabago ng panahon ngayon sa larangan ng teknolohiya, ay naging mabilis din binago ng buhay ng mga mag-aaral. Ayon kay Dela Cruz (2011) na isa sa suliraning



kinahaharap ng mga guro sa pagtuturo ang makuha at mapanatili ang interes ng mga mag-aaral sa pagtalakay ng mga aralin sa asignatura dahil nawawalan na ng oras sa pagbabasa at pag-aaral ang mga mag-aaral.

Ayon kay Blasco (2015) ang mga pelikula ay lumikha ng isang bagong proseso ng pag-aaral, ang karanasan sa pelikula ay nagsisilbing emosyonal na memorya para sa pagbuo ng mga saloobin ng mga mag-aaral at nagbibigay-daan sa kanila na magpatuloy sa mga pang-araw-araw na gawain. Dagdag pa niya, ang paggamit ng mga pelikula sa pagtuturo ay isang epektibong paraan upang maabot ang *affective domain* ng mga tao, itaguyod ang mapanimdim na saloobin, at iugnay ang pagkatuto sa mga karanasan. Ang pagtuturo gamit ang mga pelikula ay nakakapagbigay-motibo sa paghahayag ng mga emosyon at nagbibigay-daan sa mga tanong, inaasahan, at dilemma na lumabas para sa parehong mag-aaral at guro. Ang mga pelikula ay nagbibigay ng modelo ng pagsasalaysay na nakabatay sa pamilyar na mundo ng mga mag-aaral na naka-kuwadro sa mga emosyon at larawan.

Ayon sa pag-aaral ni Barrientos (2016) ang panonood ay isang kasanayang pinakamadaling gamitin sa larangang komunikasyong sosyal na maaring itapat sa anumang larangan. Lubos na mapalalim ang pagkaunawa at mapapalawak ang kaalaman kung ito ay bibigyang pagsusuri at pagsasanay sa pamamagitan ng panonood. Kaya't mahalaga na isaalang-alang din ang mga mag-aaral sa kung papaano nila mauunawan at mapakikinabang ang mga aral na naibahagi sa kanila. Bilang tugon sa mas malawak at mapanuring kaalaman gamit ang makrong kasanayan sa panonood.

Ayon sa pag-aaral ni Lopez (2015) makikita na gumagamit ng *multimedia* ang totoong mundo sa pamamagitan ng mga tunog, mga larawan, at *video* na maaring hindi nararanasan ng mga mag-aaral sa tradisyunal na paraan ng pagtuturo ng guro. Bilang tagapagpanday ng karungan ng ating mga mag-aaral marapat na mas maging malikhain sa paggamit ng mga materyal panturo upang mas magamit ito at mapakinabangan ng wasto at maayos.

Ayon naman kay Enriquez (2016), nakakatulong din ang multimedia upang masmaganda at klaro ang pag-aaral ng mga estudyante. Sa mabilis na pagbabago dulot ng makabagong teknolohiya, ang mga guro ay magkakaroon ng kaalaman at kakayahang panteknolohiya upang maka-agapay sa panahon ng digital. Sa larangan ng edukasyon sa makabagong panahon may mga indibidwal na nagtataglay ng kagalingan at kakayahan sa pagtuturo gamit ang impormasyon sa komunikasyong panteknolohiya o *Information and Communication Technology (ICT)*.

Dagdag pa niya, Sa panahong tinatawag na *digital*, nagiging mahalaga ang kakayahan at talento ng bawat indibidwal, nagbabago na ang mga pamaraan sa pag-oorganisa ng mga bagay. Ang teknolohiya ay nakapag-aambag na rin sa inaasahang pagbabago sa larangan



ng pagtuturo at pagkatuto. Ang teknolohiya ngayon ay nagbibigay na ng malawak na oportunidad para sa pagkatuto ng mag-aaral, lalo na access sa midya. (Enriquez, 2016)

Ayon kay Tolentino (2011) Ang lamáng ng midya sa panitikan bilang mas bagong teknolohiya ay ang awdiyobiswal na persepsiyon, pag-aako, inter-aktibidad, datíng, mas hayagang kalakarang kapital, at modernong indibidwalidad. Ang midya ngayon bilang isang ganap na materyal o kagamitang panturo ay mahalaga at may malaking tulong lalo na sa mga guro at mag-aaral na makasabay sa mga pagbabagong nagaganap hindi lamang sa ating paligid bagkus ay maging sa ating hanay ng edukasyon. Nagbibigay daan ito para sa mas ikauunlad ng bawat indibidwal na nakakasaksi at gumagamit ng mga pagbabagong ito.

Mahalaga ang Maria Clara at Ibarra (MCI) sapagkat ito ay hinuwad sa kakaibang pangkaisipan kasabay ng mga elementong pangkasaysayan, pag-ibig at pakikipagsapalaran sa pagtugon ng interes ng mga Pilipino (Aquino, 2023). Mainit na tinanggap at pinag-usapan ang telenobelang ito hindi lamang dahil sa husay ng mg aktor/aktres bagkus maging ang naging produksyon o pangkalahatang ideya sa pagpapalabas ng ito, at siya siya namang kinahumalingan ng lahat.

Tunay na naging matagumpay ang serye at mainit na pinag-uusapan ng masa sa social media dahil sa husay at galing ng lahat ng kinatawan ng Maria Clara at Ibarra. Mas naging pamilyar pa ito dahil sa mga gintong aral na makukuha na maaaring magamit sa kasalukuyan at para sa kinabukasan ng mga Pilipino (Aquino, 2023).

Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay tumutukoy at tumutuon sa pananaw hinggil sa paggamit ng Maria Clara at Ibarra bilang kagamitang pampagtuturo sa Wika at Panitikan. Hinahangad ng pag-aaral na ito na matugunan at masagutan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano-ano ang pananaw ng mga piling guro sa paggamit ng Maria Clara at Ibarra bilang kagamitang pampagtuturo sa Filipino 9- Noli Me Tangere ayon sa:
 - 1.1 Panimulang Interes
 - 1.2 Pananatili ng Interes
 - 1.3 Pag-usbong ng Interes
 - 1.4 Pag-unlad ng Interes



2. Paano magagamit ang Maria Clara at Ibarra bilang kagamitang pampagtuturo sa Filipino-9 ng Noli Me Tangere ayon sa mga piling gurong kinapanayam batay sa pag-unlad ng kanilang interes sa pag-aaral ng Filipino-9?
3. Anong mungkahing kagamitan ang maaring isagawa upang magamit nang wasto sa pagtuturo ang Telenobelang Maria Clara at Ibarra?

Metodolohiya

Ang kabanatang ito ay naglalayon at naglalahad ng pamamaraan ng pananaliksik upang matugunan ang lahat ng pangangailangan sa pag-aaral gayon din ang mga disenyo, sampling, instrumento, at prosesong ginamit sa pagkalap at pagtitipon ng mga datos ng mga respondente/kalahok at pagbibigay interpretasyon at pagsusuri sa natipong datos.

Mga Kalahok ng Pag-aaral

Para sa bahagi ng pagpili ng kasangkapan sa pananaliksik, tanging ang mga guro mula sa *Pasig Catholic College- Junior High School at Senior High School, Filipino Department* na pinili gamit ang pamamaraan ng *purposive sampling* na naka-angkla sa pag-aaral ni Crossman (2020)

Sa kabilang banda, ang *Purposive Sampling* ayon kay Crossman (2020) ang piniling pamamaraan sa pagpili ng kalahok sapagkat ito ang kadalasang ginagamit sa mga kalitatibong pag-aaral, lalo na kung ang layunin ay maunawaan ang mga espesyal na grupo, malalim na karanasan, o kakaibang sitwasyon. Gayunpaman, hindi ito gumagamit ng randomisasyon o estadistikong pagpipilian ng mga kalahok, kaya't ang mga natuklasan ay hindi maaaring tukuying pangkalahatan sa buong populasyon.

Table 1

Propayl ng mga Kalahok

Koda	Gulang	Posisyon/Baitang Tinuturuan	Taon ng Pagtuturo
GK1	30	HUMSS Koordineytor	10
GK2	30	SHS- Greyd Lebel Koordineytor	10
GK3	23	Guro sa Filipino 9	1
GK4	30	Guro sa Filipino 10	10



Instrumento ng Pananaliksik

Ang *Thematic Content Analysis (TCA)* ay isang pamamaraan sa pagsasaliksik na ginagamit upang maunawaan at masuri ang tematikong nilalaman ng isang teksto, tulad ng mga interbyu, transkripsyon ng usapan, o dokumentong sinulat. Ang pag-aaral ni *Braun at Clarke (2006)* ay naglalayong magbigay ng isang sistematikong paraan ng pag-aanalisa ng tematikong nilalaman. Nagmula ito mula sa tradisyon ng psychosocial research at nakatuon sa pagsusuri ng mga nakatagong kahulugan at ugnayan sa mga karanasan ng mga indibidwal. Ang pag-aaral na ito ay tumutulong sa mga mananaliksik na maunawaan at bigyang-kahulugan ang mga tema na umuusbong mula sa datos ng pananaliksik.

Ang proseso ng TCA ay binubuo ng iba't ibang yugto. Unang-una, ang mga mananaliksik ay nagbabasa at pamilyar sa mga datos upang makuha ang pangkalahatang kumbensiyon. Pagkatapos nito, nagsisimula ang coding o pagsasaayos ng mga datos sa mga tema o kategorya. Sa yugtong ito, ang mga mananaliksik ay sumasailalim sa mga salitang maaaring magkaroon ng katumbas na kahulugan o nagtataglay ng mga kaparehong konsepto. Ang prosesong ito ay kadalasang ginagawa sa pamamagitan ng paghahati ng mga teksto sa mga mas maliliit na yunit o fragmento. Matapos ang pagsasaayos ng mga tema, sinusuri ng mga mananaliksik ang mga ugnayan at relasyon sa pagitan ng mga ito upang bumuo ng mas malalim na pag-unawa sa iba't ibang aspeto ng pananaliksik. Ito ay naglalayong matukoy ang mga malalim na pagsasaliksik sa loob ng mga tema at ang mga kahalintulad na elemento sa loob ng mga ito.

Ang Metodong ito ay may malaking halaga sa konteksto ng pag-aaral na "Pagsusuri sa Pananaw ng mga Guro Hinggil sa Telenobelang "Maria Clara at Ibarra" bilang Kagamitang Pampagtuturo sa Filipino 9" dahil ito ay makatutulong sa pag-unawa at pagsusuri sa tematikong nilalaman ng mga pagsasalita at pananaw ng mga guro. Sa pamamagitan ng TCA, maaaring magkaroon ng malalim na paglilinaw at pag-aaral ng mga tema at ugnayan na lumalabas mula sa mga salita at pananaw ng mga guro. Maaaring matukoy ang mga salita, konsepto, at tema na madalas na nababanggit at ang kanilang mga relasyon sa konteksto ng telebisyon na ito bilang kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino 9. Maaaring matukoy ang mga pangunahing tema na umuusbong mula sa mga pagsasalita ng mga guro, tulad ng kahalagahan ng telebisyon bilang kagamitang pampagtuturo, ang mga benepisyo at mga hadlang nito, ang mga aspeto ng pagtuturo na nabibigyang-diin, at iba pa.

Sa kabilang banda, maari ring maunawaan ang mga pananaw ng mga guro at makuha ang malalim na kaalaman ukol sa kanilang mga perspektiba, pagkakaintindi, at mga pangangailangan sa paggamit ng telebisyon bilang kagamitang pampagtuturo. Ang mga natuklasang tema at ugnayan ay maaaring maglingkod bilang pundasyon para sa mga



rekomendasyon at pagpapahusay ng paggamit ng telebisyon bilang kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino 9.

Pagsusuri ng Datos

Ginamit naman ang pag-aaral na ito ang *Interest Theory* nina Hidi at Renninger (2006) sapagkat ito ay may mahalagang papel sa pagsusuri ng pananaw ng mga guro hinggil sa telenobelang "Maria Clara at Ibarra" bilang kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino 9.

Sa pag-aaral ni Hidi at Renniger (2006), ginamit ang *Interest Theory* upang maunawaan ang mga interes at motibasyon ng mga guro na gumamit ng telenobelang "Maria Clara at Ibarra" bilang kagamitang pampagtuturo. Ang pag-aaral na ito ay nagtuon lamang sa mga sumusunod na aspekto: (1) Panimulang Interes (2) Pananatili ng Interes (3) Pag-usbong ng Interes (4) Pag-unlad ng Interes. Ang mga sumusunod na parametriko ay naging batayan sa pagbuo ng mga talatanungan para sa pagtukoy sa mga pananaw ng mga guro.

Etikal na Konsiderasyon

Bago naganap ang pakikipanayam, ang mga mananaliksik ay nagpaabot muna ng liham pabatid/pahintulot sa punongguro ng paaralan hinggil sa aming isasagawang gawain bago itakda ang naturang pakikipanayam sa mga kalahok. Ang pag-aaral na ito ay detalyado, masinop, at masusing ipinaliwanag sa mga kalahok ang layunin, pamagat, tunguhin, panganib, benepisyo ng paglahok, pagiging kumpidensiyal ng mga impormasyon at pamamaraan ng pananaliksik.

Resulta at Talakayan

Ang bahaging ito ay ang resulta ng isinagawang pagsusuri sa mga datos mula sekwens ng suliranin ng pag-aaral:

Suliranin 1: Ano-ano ang pananaw ng mga piling guro sa paggamit ng Maria Clara at Ibarra bilang kagamitang pampagtuturo sa Filipino 9- Noli Me Tangere ayon sa:

- *Panimulang na Interes*
- *Pananatili ng Interes*
- *Pag-usbong ng Interes*
- *Pag-unlad ng Interes*



Talahanayan 1: Pananaw ng mga guro batay sa konteksto ng **Panimulang Interes** ukol sa gamit ng MCI bilang kagamitang Pampagtuturo

Tema	Respondante	Verbalisasyon
Tulong ng Media sa Pagkatuto Kaalaman ng Guro sa gamit ng Palabas	Respondante 1- Guro sa SHS-Filipino, HUMMS Coordinator	“malaking hila sa interes ng mag-aaral, una ang mga patalastas, teaser at actor at sa isang palabas. Mas prefer ng mga mag-aaral ang konteksto ng media- ito ay pagtugon sa makabagong panahon. “Sa tingin ko ay nakadepende pa rin sa kaalaman at limitasyon ng guro sa gamit o kung paano gagamitin ang palabas..”
Kabisaan ng Kulturang Popular sa Pagganap ng mga Artista Koneksiyon ng mga Karakter sa mga Mag-aaral	Respondante 2 - SHS Grade Level Coordinator	“...ang paggamit nila ng artista [at] pagpili nila ng artistang gaganap, magandang pamamaraan din nila iyon para mahikayat na ang mga tao na, “teka! Dennis Trillo na ito. May market na ito...ang pagpili nila ng artista, nakuha na kaagad nila ang interes ng mga manonood doon sa palabas nila. Kung mapapansin natin, iba’t ibang henerasyon ‘yong artista nila...” “...doon pa lang, sinimulan sa buhay ni Klay. Pasok agad ‘yong mga estudyante natin. Nakikita nila ang sarili nila at malaking bagay sa pag-

		aaral...gumawa ng koneksiyon ‘yong telenobela doon sa buhay ng mga bata, sa katauhan ni Klay para magtagpo sila ng nilalaman ng nobela doon sa kasalukuyang panahon kung nasaan sila.”
<i>Konsepto at paglalapat ng pangganyak at pagganyak.</i>	Respondante 3 - Guro sa JHS - Filipino 9	“pasok po rito ang usapang pagganyak, sa usapan pong ito kailangan magkaroon ang guro ng mabisang pagganyak sa isang paksa. Kadalasan kailangan may mga ihahanda tayong tanong at mga video clips na pinapanood at may koneksiyon sa reyalidad. Base sa mga clips na ito nakakapag-share ‘yung mga mag-aaral ng experience nila na konektado doon sa video clip na ipinapanood”.
<i>Pagpapahalaga sa pagbasa, kultura at midya</i>	Respondante 4 - Guro sa JHS - Filipino 10	“tatlong panimulang interes nila bilang mag-aaral sa panonood ng MCI, (1) Pagbabasa, malaking tulong kung ang mga mag-aaral natin ay may interes sa pagbabasa upang mapukaw ang kanilang atensyon at kiliti sa kung paano maipapanood ang palabas.(2) Kultura, kung maipapakita natin sa kanila ang kagandahan ng kultura ... maaring sa pananamit... na



		kung saan sinikap nila na makuha sa orihinal na kasuotan ...na mas magpapakita sa kultura ng mg Pilipino nung unang panahon. (3) Bagong atake ng palabassa pagbago ng Teknik at pamamaraan,at bagong atake ng palabas makukuha natin ang interes ng mag-aaral.. at dito sumusunod tayo sa trend tulad ng ibang bansa na ang kanilang aklat ay ginagawang pelikula.
--	--	--

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pananaw ng panimulang interes ng mga mag-aaral hinggil sa MCI bilang kagamitang pampagtuturo ng mga guro partikular sa Wika at Panitikan.

Ayon sa panayam at datos na nakalap hinggil sa panimulang interes ng mga mag-aaral, lumalabas sa resula na ang pangunahing interes ay nagmumula sa (1) kaalaman ng mga guro gamit ang iba't ibang estratehiyang makapupukaw ng atensiyon sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng paglikha ng mga tanong at gawain bilang pangganyak at pagganyak.

Malaking bahagi rin ang (2) *Midya at telebisyon* bilang ugat ng panimulang pagkatuto ng kaalaman na siyang magiging pundasyon umano sa pagkakaroon ng kulturang popular na mai-uugnay sa koneksiyon ng mga gumanap sa palabas at mga mag-aaral na (tagapanood), hudyat upang magkaroon ng interaksyon bilang isang konteksto ng panghihikayat/pagpukaw.

Ang bahaging ito ay nakatuon sa **pagpapanatili ng interes** ukol sa gamit ng MCI bilang kagamitang Pampagtuturo. Makikita sa Talahanayan bilang 2 na ang mga salik na nagpapanatili ng interes ng mga manonood ng MCI ay unang nagmumula sa pamamaraan ng guro kung paano niya ihahain sa mga manonood o mag-aaral ang wastong panonood ng ganitong uri ng palabas.

Talahanayan 2: Pananaw ng mga guro batay sa konteksto ng **Pananatili ng Interes** ukol sa gamit ng MCI bilang kagamitang Pampagtuturo

Tema	Respondante	Verbalisayon
Wastong Pamamaraan ng Guro Pagtukoy sa Interes ng mag-aaral sa Kasalukuyang panahon	Respondante 1- Guro sa SHS-Filipino, HUMMS Coordinator	“Sa tingin ko ay may pagangat ng interes kung na-establish ng guro ang pamamaraan sa panonood mula sa mga unang episode..” “..sa tingin ko makikita ito sa konsepto ng pagkakaroon ng ibang lebel ng palabas sa konteksto ng hindi paglayo sa mga interes ng mag-aaral...
Kabisaan ng Kulturang Popular sa Pagganap ng mga Artista Pagdadagdag ng mga twist sa orihinal na kwento	Respondante 2 - SHS Grade Level Coordinator	“Sa palagay ko, number 1 nga ay yung pagpili ng GMA ng mga artistang gaganap. Mahusay yung estilo ni GMA sa pagpili ng gaganap. “Bukod doon, yung mga twist na nilagay nila. Binuhay ng MCI yung interes ng mga kabataan. Na-curious ang lahat doon sa mga twist na nilagay ng GMA sa nobela. Kaya ayun yung pinaghahawakan ng telenobela para mapanatili ang kanilang mga manonood.”
Pagpukaw sa atensiyon at interes	Respondante 3 - Guro sa JHS - Filipino 9	“Maganda ‘yung naging technique ng awtor at direktor doon sa pagtalakay

<i>Kabisaan ng Telebisyon bilang interes</i>		ng nobela... pasok at halos pareho rin kasi siya ng K-Drama na parang bumabalik sa nakaraan." "...ayos talaga na napapanood mo 'yung nangyari sa nobela kaysa sa nababasa mo lang." Napili talga ng direktor 'yung dapat pag-focus-an, kaya mas okay talaga na naipalabas kasi para talagang K-drama na feeling ko makakukuha tla ng interes ng mga bata."
<i>Hamon sa mga Guro</i> <i>Pag-usbong ng Palabas</i>	Respondante 4 - Guro sa JHS - Filipino 10	"Sa aking palagay, ang hamon sa atin bilang guro ay kung paano natin maitataas muli yung kagustuhan nilang alamin" "Sa panonood ng palabas ako naniniwalang dahil ahm pinanood, dahil nagtrending, dahil mataas ang rating ibig sabihin andoon ang interes ng mga manonood. Hindi na rin malalayo at hindi na rin pwedeng tanggalin doon ang interes ...na gusto nilang panoorin, na gustong nilang panoorin kung ano ang mga pangyayari doon sa palabas."

Kailangan munang maipaliwanag ang dahilan kung bakit ito kailangang panoorin at ano ang inaasahan sa mga manonood. Ibinibigay rin ng telenobelang ito ang mga pangunahing dahilan kung bakit tinatangkilik ito ng mga manonood. Ilan sa mga ito ang (1) paggamit ng mga kilalang artista sa kasalukuyan na lubos na inaabangan ng mga tagatangkilik ng telenobelang Maria Clara ar Ibarra. Makikita rin ang mga (2) pagdaragdag ng na eksena o twist na hindi makikita sa orihinal na nobela ngunit nakatulong ang mga ito dahil sa ibinigay nitong bagong panlasa na aangkop sa interes ng mga manonood. Mas naging maingay ang paggamit ng midya sa pagbibigay ng aliw at kaalaman kaya ang pagpapalabas ng mga panitikan kagaya ng nobela sa telebisyon ay isang mabisang paraan upang maipaunawa ang kwento at pinananatili nito ang interes ng mga manonood dahil ito ang plataporma na malapit sa kanila sapagkat ang telebisyon ay bahagi na ng kulturang Pilipino.

Talahanayan 3: Pananaw ng mga guro batay sa konteksto ng *Pag-usbong ng Interes* ukol sa gamit ng MCI bilang kagamitang Pampagtuturo

Tema	Respondante	Verbalisayon
<i>Pagdaragdag ng Ibang Elemento mula sa Palabas</i> <i>Pagkakaroon ng mas malikhain na Elemento</i>	<i>Respondante 1- Guro sa SHS-Filipino, HUMMS Coordinator</i>	“..sa bahagi kung paano ginawang malikhain ng mga manunulat sa MCI para sa mga manonood o pagkakaroon ng twist at magkaroon ng excitement at hamon para sa mag-aaral lalo na sa pagbuo ng mga anggulo na pwedeng maging palaisipan sa mga mag-aaral..” “.. meron namang bahagi na makapagpapataas ng interes tulad ng pagbuo nila ng loveteam mula sa karakter ni klay at ni fidel, siguro dahil na rin sa bahagi ng magaling nilang consultant ni si Ricky Lee..”
<i>Pagpapataas ng Kaalaman sa ibang mga Obra</i>	<i>Respondante 2 - SHS Grade Level Coordinator</i>	“...nang patapos na ang MCI, nagpakilig sa mga manonood nang nabanggit ni Ginoong

<i>Tuwirang Ugnayan ng Akda sa Realidad</i>		Torres ang Mga Ibong Mandaragit, nabanggit niya sa dulo iyon...doon pa lang, kita ko na nag-level up na. Kasi hindi sila nakontento na MCI lang. Gusto nila, na ang ibang mga obra ay gawan ng mga bersiyon kagaya ng MCI. Kasi nakita na naming/nating mga nanood ng MCI kung papaanong binusisi ng GMA ang Noli Me Tangere...” “...oo, totoo iyan. Dito papasok si Klay at si Mr. Torres. Kasi nga siya [si Klay] ang nadala sa Noli. ‘Di ba wala nga siyang interes. Hindi niya makita ang koneksiyon ng Noli sa kaniya <i>as [a] nursing student.</i> ‘Yong pagdadala sa kaniya ni Mr. Torres papunta sa mundo ng Noli, doon niya nakita...Nakita nila ngayon, ‘yong kalahagahan ng obra sa buhay nila. Kung bakit kailangan talagang pag-aralan nila ‘yong ganoong klase ng mga akda.”
<i>Paggamit ng mga Pantulong na kagamitan sa Pagtuturo</i>	Respondante 3 - Guro sa JHS - Filipino 9	“...kailangang hindi lamang maging basehan ang libro mismo, dapat ay gumamit rin ng mga video clips na makatutulong sa pag-unawa ng mga mag-aaral na siyang magpapaangat ng kanilang interes. Dapat ay maikonek

<i>Pagbabalik-tanaw sa nakaraan at kaugnayan nito sa kasalukuyan</i>		rin sa realidad ng buhay ang mga pangyayari na mas makakukuha ng kanilang atensyon at pag-unawa...” “...kung susuriin ang mga eksena sa MCI, hindi na maaaring mabago ang naisulat noong nakaraan at gumawa ng paraan na mabago sa kasalukuyan. Sa ganitong paraan, makapanghihikayat lalo ito ng interes lalo na sa pag-aaral ng Filipino, sa wika o panitikan man..”
<i>Pagpapanatili ng interes sa mga mag-aaral</i>	Respondante 4 - Guro sa JHS - Filipino 10	“mula sa panonood ng palabas nandoon na agad yung interes natin... siguro ang nakikita ko dito gayon din yung mga mag-aaral nandoon yung interes sa palabas... tayo bilang mga guro paano natin masu-sustain yung interes ngayon.

Ang bahaging ito ay nakatuon sa **pag-usbong ng interes** ukol sa gamit ng MCI bilang kagamitang Pampagtuturo.

Batay sa naitala sa *Talahanayan bilang 3*, mapauusbong ang interes ng mga mag-aaral dahil ang MCI ay (1) mayroong mga twist kung kaya’t ito ang magiging daan upang makabuo ang mga mag-aaral ng isang anggulong magdaragdag at makalilikha ng isang malikhaing elemento mula sa palabas.

Hain naman nito ang pagpapataas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa iba pang mga obra, na mabibigyan din ng daan ito upang maunawaan at makilala rin ng mga mag-aaral ang iba pang mga obra. Nakuha rin ng MCI ang (2) bisa ng ugnayan ng akda sa realidad dahil nakikita ng mga mag-aaral ang kanilang sarili sa katauhan ng pangunahing tauhan na si Klay.

Binuksan naman ng MCI ang halaga ng mga napapanood sa pag-unawa at interes ng mga mag-aaral. (3) Naitala rin na hindi maaaring mabago ang naisulat na kaya't lalong makapanghihikayat sa interes sa pag-aaral ng mga mag-aaral. (4) *Binigyang-diin din dito ang halaga ng gampanin ng mga guro kung papaano naman mapananatili ang interes ng mga mag-aaral.*

Talahanayan 4: *Pananaw ng mga guro batay sa konteksto ng Pag-unlad ng Interes ukol sa gamit ng MCI bilang kagamitang Pampagtuturo*

Tema	Respondante	Verbalisayon
<i>Paghahambing sa Banghay ng MCI sa Noli Me Tangere at El Filibusterismo</i>	<i>Respondante 1- Guro sa SHS-Filipino, HUMMS Coordinator</i>	“...Siguro maganda kung maibabahagi at maikukumpara ng guro ang banghay ng pag-aaral habang ipinapanood ang palabas...” “sa tingin ko kung makakikita ng kompletong aplikasyon ng mga napanood nila mula sa bagong terminolohiya at pagkatuto sa kamalayang panlipunan... Tingin ko mas magiging evident ito lalo na kung mas mabibigyang aplikasyon ng guro sa teaching and learning process.”
<i>Pagtalakay sa mga isyung panlipunan noon hanggang sa kasalukuyan</i>	<i>Respondante 2 - SHS Grade Level Coordinator</i>	“...Yung nanindigan si Maria Clara. Kasi si Maria Clara pinakilala sa atin na parang manhikang de susi. Pinakita ni Maria Clara na hindi, hindi ako babae lang. “Yung eksena ni Ibarra at nung guro, kung titingnan natin pero yung problema ni teacher ay problema din

		natin ngayon kahit 2023 na. Siguro baka wake up call yung palabas para ma-address na talaga yung nagiging problema nating mga teacher."
<i>Pagbibigay-halaga sa Noli bilang salamin sa totoong buhay</i> <i>Kaugnayan ng Noli sa Identidad ng Tauhan bilang isang Pilipino</i>	Respondante 3 - Guro sa Pasig Catholic College, Filipino 9	"..isang bahagi ng eksena ay ang guro nya mismo ang nagpa-realize ng kahalagahan ng Noli sa buhay ni Klay bilang isang mag-aaral sa narsing. Sa ganitong paraan, lahat ng tanong ni Klay ay nasagot na niya kaya't natutunan niyang mahal in ang Noli dahil sa kahalagahan nito sa atin bilang isang Pilipino.." ".. nakatutulong ito dahil tulad ni Klay, na isang mag-aaral sa narsing, di niya pinahahalagahan ang pag-aaral ng Noli maliban na lamang noong siya mismo ay dinala sa mundo ng Noli. Sa pamamagitan nito, nalaman niya ang importansya nito sa kanyang identidad bilang isang Pilipino kaya't malaki ang maitutulong nito sa pag-unlad ng interes ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng Filipino..."
<i>Mahusay na Pagganap ng mga Tauhan</i>	Respondante 4 - Guro sa JHS - Filipino 10	"Ganoon din sa binibitawang salita ng karakter. Iba rin kasi ang pag-atake yung husay at

<i>Pag-aaral ng mga napiling tauhan sa Wika at Kultura</i>		galing ng mga actor na gumanap.” “Isa na rin sa kagamitan ang mga karakter para mas maging maalam at alamin ng mga mag-aaral kung ano ba yung wika na mayroon tayo, yung kultura na mayroon tayo sa paraan ng kanilang kasuotan. Pananalita at iba pa.
---	--	--

Batay sa mga datos na nakalap sa barwat talahanayan, makikita na malawak ang pang-unawa ng mga guro ukol sa iba’t ibang paraan upang mapa-usbong ang interes ng mga mag-aaral sa panonood ng MCI. (1) May mga gurong nagbigay ng ispesipikong paraan ng pagpapa-usbong ng interes ng mga mag-aara tulad ng paghahambing ng MCI sa banghay ng Noli At El Fili, pagtukoy sa suliraning panlipunan at mayroon namang nagbigay ng malawak na suhestyon rito. (3) Mayroon ding nagbigay ng ilang eksena sa MCI na magbibigay-diin sa kung paano mapapa-usbong pa ang interes ng mga mag-aaral. (4) Mayroon ding naghalintulad sa realidad ng buhay gamit ang mga eksena sa MCI na sa ganitong paraan, makaka-ugnay ang mga mag-aaral sa kanilang pinapanood.

Sa kabilang banda, masasagot naman sa **Talahanayan 5** ang ang bahagi ng suliranin bilang 3: Anong mungkahing kagamitan ang maaring isagawa upang magamit nang wasto sa pagtuturo ang Telenobelang Maria Clara at Ibarra?

Talahanayan 5: Pananaw ng mga guro batay sa pagbuo ng Mungkahing Kagamitang Pampagtuturo gamit ang telenobelang Maria Clara at Ibarra

Tema	Respondante	Verbalisayon
<i>Pagbuo ng Pagtatayang Pangwika (Language Assessment Tool)</i>	<i>Respondante 1- Guro sa SHS-Filipino, HUMMS Coordinator</i>	“..Ikalawa ay ang pagpapalanong pangwika, tignan ang lebel o kaantasan ng kaalaman ng mga mag-aaral sa wika, marahil maari itong magamit bilang assessment material sa pagkakaroon ng focus sa gamit ng MCI bilang

		kagamitang pampagtuturo...”
<i>Pagpapaigting sa Panunuring Pampanitikan</i>	<i>Respondante 2 - SHS Grade Level Coordinator</i>	“Kapag [nasa] panitikan tayo, nakatutok tayo sa pagsusuri ng panitikan, mula sa pagsusuring ginagawa natin, pag-uugnay natin ito sa kasalukuyan [at] pagtukoy sa mga suliraning kinahaharap ng [mga] tauhan doon sa panitikan.”
<i>Pagpapaunlad sa Paggamit ng mga Kagamitang Pampagtuturo</i>	<i>Respondante 3 - Guro sa Filipino 9</i>	“Para sa akin bilang guro na nagtuturo sa private, nakatutulong ‘yung paggamit ng projector at laptop para maipanood sa mga bata ‘yung eksenang nangyayari. Dito naman ang maimumungkahi ko ‘pag magtuturo sa public sana magkaroon sila ng telebisyon sa mga room, dahil kung susuriin natin ay mas makapangyarihang midya talga ang telebisyon sa kasalukuyan, gamit itong telebisyon siguro i-connect roon sa panonod ng MCI para mas maintindihan nila ‘yung MCI. Para mas mapalalim din ay puwedeng gumamit ng Journal hinggil sa bawat kabanata ng mga eksena. Gamit ang Journal, nakakapaglahad sila ng sariling pananaw tungkol sa



		Noli Me Tangere. Dahil mas maganda kapag nagtuturo ka ay mas naire-relate ‘yung mga eksensa doon sa mga topic , para makapag-iwan sa kanila ng alaala kaya mas maganda talaga na gumamit ng Journal tulad ng kay Klay na nakalilimutan at hindi alam ‘yung pangyayari noon sa Noli.
<i>Paggamit ng mga short video clips para sa lubusang pagkatuto ng mga mag-aaral</i>	<i>Respondante 4 - Guro sa Pasig Catholic College, Filipino 8 at 10</i>	<i>“Maaaring makatulong iyong gawing clips, yung mga palabas, kung бага para sa pagpapaliwanag ng guro sa mga kabanata, sa mga mahahalagang pangyayari mayroon tayong ipapanood sa kanila na mga video o short video clips. Para mas mapaunawa natin sa kanila iyong palabas. “</i>

*Sa bahaging ito ng talahanayan na nakatuon sa pananaw ng mga guro batay sa pagbuo ng **Mungkahing Kagamitang Pampagtuturo gamit ang telenobelang Maria Clara at Ibarra.***

Makikita na ang nasabing telenobela ay maaaring gamitin bilang kagamitang pampagtuturo sa mga mag-aaral. Sapagkat ang bawat gurong nakapanayam ay nagbigay ng mungkahi na maaari itong makatulong at gamitin sa pagtuturo. *Katulad na lamang sa Pagbuo ng Pagtatayang Pangwika, Pagpapaigting sa Panunuring Pampanitikan, Pagpapaunlad sa Paggamit ng mga Kagamitang Panturo at bilang isang Video Clips.*

Kung ating susuriin iba-iba ang pamamaraan kung paano maaaring makatulong ang telenobela sa paggamit ng mga guro bilang kagamitan pero kung ating bibigyang-pansin ang nakalap na datos ay pare-parehong nagsasabi na ang telenobelang MCI ay maaaring gamitin bilang Kagamitang Pampagtuturo na pinatunayan ng mga gurong naging bahagi ng panayam at nagbigay mungkahi sa kung paano magagamit ang telenobelang Maria Clara at Ibarra bilang isang Kagamitang Pampagtuturo.

Kongklusyon

- Paris, D. (2012). Culturally sustaining pedagogy: A needed change in stance, terminology, and practice. *Educational Researcher*, 41(3), 93–97. <https://doi.org/10.3102/0013189X12441244>
- Paris, D., & Alim, H. S. (2017). *Culturally sustaining pedagogies: Teaching and learning for justice in a changing world*. Teachers College Press.



- Pe-Pua, R., & Protacio-Marcelino, E. A. (2000). Sikolohiyang Pilipino (Filipino psychology): A legacy of Virgilio G. Enriquez. *Asian Journal of Social Psychology*, 3(1), 49-71. <https://doi.org/10.1111/1467-839X.00054>
- Purgason, L. L., Hammonds, D., Miller, G., Van Horne, J. W., & Clark, C. (2022). Teaching during COVID-19: Relational-cultural theory in the online classroom. *Journal of Technology in Counselor Education and Supervision*, 2(1), Article 5. <https://doi.org/10.22371/tces/0014>
- Purvis, K. B., Cross, D. R., Dansereau, D. F., & Parris, S. R. (2013). Trust-Based Relational Intervention (TBRI): A systematic approach to complex developmental trauma. *Child & Youth Services*, 34(4), 360-386. <https://doi.org/10.1080/0145935X.2013.859906>
- Purvis, K. B., Razuri, E. B., Howard, A. R., Call, C. D., DeLuna, J. H., Hall, J. S., & Cross, D. R. (2015). Decrease in behavioral problems and trauma symptoms among at-risk adopted children following trauma-informed parent training intervention. *Journal of Child & Adolescent Trauma*, 8(3), 201–210. <https://doi.org/10.1007/s40653-015-0055-y>
- Purvis, K. B., & Cross, D. R. (2006). *Facilitating behavioral change in adopted children suffering from sensory processing disorder*. In T. C. Atwood, L. A. Allen, V. C. Ravenel, & N. F. Callahan (Eds.), *Adoption Factbook IV* (pp. 375–379). National Council for Adoption.
- Purvis, K. B., Cross, D. R., Jones, D., & Buff, G. (2015). Transforming caregiving: A pilot evaluation of the Trust-Based Relational Intervention. *Child Welfare*, 94(5), 9–36.
- Razuri, E. B., Hiles Howard, A. R., Parris, S. R., Call, C. D., DeLuna, J. H., Hall, J. S., Purvis, K. B., & Cross, D. R. (2016). Decrease in behavioral problems and trauma symptoms among at-risk adopted children following web-based trauma-informed parent training intervention. *Journal of Evidence-Informed Social Work*, 13(2), 165–178.
- Reyes, C. G., & Santos, M. L. (2025). Armed conflict, natural disasters, and trauma: Philippine children's exposure and resilience. *Asian Journal of Peacebuilding*, 13(1), 22-40. <https://doi.org/10.18588/2024.00.329>
- Robertson, C. E., & Simmons, D. R. (2013). The relationship between sensory sensitivity and autistic traits in the general population. *Journal of Autism and Developmental Disorders*, 43(4), 775-784. <https://doi.org/10.1007/s10803-012-1621-7>
- Shaw, K. A., Williams, S., Patrick, M. E., et al. (2025). *Prevalence and early identification of autism spectrum disorder among children aged 4 and 8 years – Autism and Developmental Disabilities Monitoring Network, 16 sites, United States, 2022. Morbidity and Mortality Weekly Report. Surveillance Summaries*, 74(SS-2), 1–25.
- Spencer, R., Jordan, J. V., & Sorsoli, L. (2020). From isolation to connection: A relational-cultural perspective on COVID-19 and future pandemics. *Journal of Humanistic Psychology*, 60(5), 662-670. <https://doi.org/10.1177/0022167820940373>
- Smith, J. E., & Booker, K. (2024). ASD and trauma: Classroom-based strategies for emotional regulation. *Behavioral Disorders*, 49(2), 105-118. <https://doi.org/10.1177/0198742923110456>



- Spencer-Contreras, R., Hernández-González, O., & Sanz-Cervera, P. (2022). RCT: School counselors building partnerships with Latinx parents and caregivers. *Journal of Child and Adolescent Counseling*, 8(3), 115-127.
<https://doi.org/10.1080/23727810.2022.2102395>
- Spencer, R.-C., Petrin, R. A., & Lee, S. E. (2020). Relational safety in ASD classrooms: Authenticity, empathy, and cultural humility. *Journal of School Psychology*, 82, 56-68.
<https://doi.org/10.1016/j.jsp.2020.05.004>
- Solis, T. M. (2024). Importance of cultural and linguistic sensitivity to autistic identity in mainstream classrooms. *The Agora*, 2(1), 12-25.
<https://doi.org/10.5678/agora.2024.2.1.12>
- TCU Institute of Child Development. (n.d.). *Trust-Based Relational Intervention®*. Retrieved July 2025, from Texas Christian University Institute of Child Development website.
- Thomas, S., Oberg, C., & Kilpatrick, J. (2023). Exploring the effectiveness and sustainability of Trust Based Relational Intervention (TBRI®) as a trauma-informed approach in two Tasmanian child and family learning centres. *Journal of Child & Adolescent Trauma*, 17, 467–480. <https://doi.org/10.1007/s40653-023-00574-6>
- Thye, M. D., Bednarz, H. M., Herringshaw, A. J., Sartin, E. B., & Kana, R. K. (2017). The impact of atypical sensory processing on social impairments in autism spectrum disorder. *Developmental Cognitive Neuroscience*, 29, 151–167.
<https://doi.org/10.1016/j.dcn.2017.04.010>
- UNESCO & Leonard Cheshire. (2022, December 13). *Disability-inclusive comprehensive sexuality education in Asia and the Pacific: an assessment of teacher needs*. UNESCO Asia-Pacific Regional Bureau for Education. Retrieved from UNESCO website.
- Wang, Y. (2024). How educators' self-construal shapes teacher training: Navigating from autism awareness to stigma. *Journal of Autism and Developmental Disorders*.
<https://doi.org/10.1007/s10803-025-06788-x>
- World Health Organization. (2023, November 15). *Autism spectrum disorders*. World Health Organization. <https://www.who.int/news-room/fact-sheets/detail/autism-spectrum-disorders>
- Wu, C., Lee, M., & Chen, Y. (2019). Effects of Class-Wide Function-Related Intervention Teams on behavior in an inclusive classroom in Taiwan. *Asia-Pacific Journal of Research in Early Childhood Education*, 13(1), 45–60.



Paglililang ng Araling Aprikano sa Pilipinas: Mula Area Studies tungong Araling Kabanwahan¹

Axle Christien J. Tugano

*Departamento ng Wika, Kultura at Kasaysayan
Dalubhasaang Politekniko ng Lungsod ng Baliwag, Bulacan
acjtugano.ph@gmail.com*

Abstract

In 1991-1992, Africa was introduced as a subject of discussion by the Board of Araling Pang-erya, a Filipinized Area Studies, at the College of Social Sciences and Philosophy (CSSP) at the University of the Philippines (UP) Diliman. This initiative marked a remarkable development in Araling Pang-erya, which would later evolve into Araling Kabanwahan, a Filipinized international and cultural studies. Despite this initial endeavor, the general understanding of Africa as a distinct region and cultural sphere among Filipinos remains insufficient. This research aims to revisit three key aspects: (1) the evolution of African Studies as a part of Area Studies and Araling Aprikano as a component of Araling Kabanwahan; (2) the institutional experiences associated with teaching and learning African Studies; and (3) the bibliographic survey that explores the intercultural relationships between the Philippines and Africa. Ultimately, this study advocates for the reintroduction and enhancement of African Studies within the Philippine educational curriculum, with a focus on integrating Filipino perspectives, values, and knowledge into its framework.

Keywords: curriculum, Africa, Area Studies, African Studies, Araling Kabanwahan

Abstrak

Isa ang kontinenteng Aprika sa ipinakilala at tinalakay noong 1991-1992 ng Lupon ng Araling Pang-erya ng Dalubhasaan ng Agham Panlipunan at Pilosopiya (DAPP) sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) Diliman. Isa ito sa ibinunga ng Araling Pang-erya na kalaonan ay tatawagin bilang Araling Kabanwahan o isang disiplinal na pag-aaral sa

¹ Unang binasa bilang “Institutionalizing African Studies in the Philippines: From Area Studies to Araling Kabanwahan” sa *Sejiwa: The Spirit of Bandung @70 International Conference* noong Nobyembre 5, 2025 sa De La Salle University, Manila.



ugnayan at/o pag-uugnay sa Pilipinas at sa mga kaugnay na bayan at/o kabihasnan. Gayumpaman, sa kabila ng pagpupunlang ito, nananatiling salat ang kaalaman ng mga Pilipino tungkol sa Aprika bilang isang erya at rehiyon. Tinuturo ng pananaliksik na ito ang pagbabalik-tanaw sa (1) kasaysayan ng African Studies bilang Area Studies sa unang banda at Araling Aprikano bilang Araling Kabanwahan sa kabilang dako; (2) mga institusyonal na karanasan sa pagtuturo at pagkatuto ng Araling Aprikano; at (3) ang pangsangguniang pagtatala sa mga akdang nagtampok sa ugnayan ng Pilipinas at Aprika. Sa huli, ang pag-aaral na ito ay preskriptibong nagpapanukalang maibalik at mapagyaman sa kurikulum ang Araling Aprikano sa Pilipinas na nakabatay sa pananaw, pagpapahalaga, at talastasang Pilipino.

Mga Susing-salita: kurikulum, Aprika, Area Studies, Araling Aprikano, Araling Kabanwahan

Introduksiyon

Sa kabila ng pagpapayamang kurikulum, nananatiling salat ang kaalaman ng ilang Pilipino ukol sa Aprika bilang isang erya at/o rehiyon ng daigdig. Habang ipinamamayani sa bawat institusyong pang-edukasyon ang tila paghahanda sa tinatawag na “globalisasyon” at “internasyonalisasyon” na ang layon ay magkaroon ng isang malayang daloy ng kaalaman sa bawat at/o pagitan ng mga bansa sa daigdig, nananatiling may puwang ang ilang rehiyon. Sa dila ni Nassef Manabilang Adiong (2023), ang *knowledge production* na siyang tinatangkilik ng karamihan sa mga rehiyong kabilang sa tinatawag na “Third World” at “Global South” ay higit na nakasalig pa rin sa produksiyon ng Kanluraning kaisipan. Ito ay kamukha ng kritisismo ni Syed Farid Alatas (2006), aniya, ang *academic dependency* ay tumutuon sa hindi balanseng estruktura ng produksiyon at sirkulasyon ng kaalaman na siyang umiikot sa mga institusyong pang-edukasyon sa buong daigdig. Nananatiling tagapagluwal at/o tagatustos ng datos ang mga rehiyong nasa “Third World” at “Global South” upang tugunan ang pangangailangan at pagpapatibay sa mga empirikal at teoretikal na pag-aaral ng mga nasa poder ng “First World” at “Global North.” Ang ganitong tendensiya ay kapwa lumitaw sa post-kolonyal na kalakaran sa Pilipinas at Aprika. Naging kasangkapan ng Kanluraning teoretisasyon ang dalawang rehiyon na bagaman ay nagkakaugnay sa kasaysayan ngunit sa kasalukuyan, salat pa rin ang kaunawaan ng mga ito sa bawat isa, partikular na sa edukasyon.

Batay sa *K to 12 Basic Education Curriculum* partikular sa *Senior High School* (Grade 11 at Grade 12), pinag-aaralan sa *21st Century Literature from the Philippines and the World*, ang pag-uugnay sa estruktura at kahalagahang panlipunan ng mga panitikan sa Pilipinas at Daigdig. Katulad ng Filipino sa Grade 10, tinatalakay ang “Mga Akdang Panitikan ng Aprika



at Persya” (PEAC & DepEd, 2019) na bagaman naisangkot ang Aprika ngunit ikinabit at/o isinama lamang ito sa sibilisasyong Persya (kasalukuyang Iran). Samakatuwid, pahapyaw pa ring tinalakay ang porma at tradisyon ng panitikang Aprikano (DepEd, 2019, p. 4). Sa katunayan, naging laman ng panimulang pahayag ng *Aralin 3: Sanaysay at Nobela* ang pagdiin sa negatibong imahen ng Aprika sa daigdig:

Magulo. Marahas. Kahirapan. Epidemya. Sakuna. Ilang lamang ito sa mga paglalarawan na maaaring maiugnay sa rehiyon ng Middle East at kontinenteng Africa. Magkalapit ang rehiyong ito. Kung pagbabatayan ang prinsipyo ng heograpiya, ang magkakalapit na lokasyon ay higit na may pagkakatulad sa maraming aspekto. At kung ang mga balita at dokumentaryo ang pagbabatayan, hindi maiiwasang mapagtulad ang dalawang rehiyong ito sa mga paglalarawan na una nang binanggit (PEAC & DepEd, 2019, p. 145).

Problematiko ang pagpupunlang ito sa kamalayan ng kabataan ukol sa imahen ng Aprika. Mula sa pagtatampok sa mga negatibong katangian na anila, “balita” at “dokumentaryo” ang mga pinagbabatayan, na kung tutuosin ay bunga rin ng tumitinding krisis ng *academic dependency* (Alatas, 2006) sa nasabing rehiyon. Ang suliraning pangkaalaman ng mga Pilipino sa Aprika ay nasasalamatin din sa ilang *General Education* (GE) *Courses* sa Kolehiyo partikular ang *The Contemporary World*, habang itinaturo ang esensiya ng tunggaliang “Global South” at “globalisasyon”—tanging Asya at Latin Amerika lamang ang nabibigyan ng pansin ngunit wala ang Aprika (CHED, n.d., pp. 3-4). Hindi naman na bago ang ganitong tila “pagsingit-singit” sa Aprika sa mga aralin. Sa katunayan, bago pa man ang *K to 12 Curriculum*, sa aking mga karanasan bilang mag-aaral, lalo na sa Araling Panlipunan, suplemental lamang na tinatalakay ang ilang klasik na kabihasnan sa Aprika katulad ng Ghana, Mali, at Songhai. Liban siyempre sa pagtatampok sa kasaysayan ng Lumang Ehipto, na bukod sa inilaan sa isang hiwalay na kabanata, binansagan itong “Dakilang Sibilisasyon ng Daigdig” kasama ng mabungang pagtalakay sa Gresya, Roma, Mesopotamia, India, at Tsina. Hindi naman nakagugulat ang ganitong pagsasantabi sa Aprika sapagkat sa mismong programa ng *Bachelor of Arts in History* (BA History) ay hindi kadalasan nabibigyan ng pagtalakay ang kasaysayan ng rehiyon. Sa inilabas na *Policies, Standards and Guidelines for the Bachelor of Arts in History (BA History) Program* o Memorandum Order No. 038-17 ng *Commission on Higher Education* (CHED) noong Mayo 11, 2017, bagaman isinusulong ang pagkakaroon ng ilang *Area Courses* ngunit hindi nakita rito ang Aprika (CHED, 2017).



Layunin ng artikulong ito na mailahad ang panimulang pagsisiyasat sa *Area Studies* ukol sa Aprika na umiiral sa Pilipinas at kung papaano mabibigyan ng puwang ang *Araling Kabanwahan* upang maging kapaki-pakinabang ito sa Araling Pilipino at sa ganap na pagbubuo sa Araling Aprikano sa Pilipinas.

Aprika bilang Erya²

Sa kabila ng magkalayong distansiya at kultura, napag-ugnay ng kasaysayan ang Pilipinas bilang bahagi ng Timog Silangang Asya at Aprika bilang isang kontinente. Gayumpaman, ang tendensiya ng ganitong sistema ng “pag-uugnay” ay laging sinisimulan sa diplomatikong relasyon ng mga bansa, kung saan ang nagiging primaryang batayan ay ang pagbubuo ng mga embahada o pasuguan at konsulado. Sa inilabas na *Philippine Diplomacy: Chronology and Documents, 1972-1981* ng *Foreign Service Institute* (1981), ipinaliwanag ang ugnayang namagitan sa Pilipinas at sa labing-apat (14) na piling bansa sa Aprika—Ghana, Lesotho, Cape Verde, Somalia, Angola, Niger, Rwanda, Madagascar, Gabon, Ethiopia, Seychelles, Togo, Sudan, at Zimbabwe (Foreign Service Institute, 1981). Kalimitang nakatuon sa ekonomiko at politikal na lapit ang nasabing pag-uugnay, na halos walang pagtatampok sa mismong mga mamamayan at/o taumbayan ng mga bansang tinatalakay.

Karaniwang isinisentro sa mga ugnayan ang kasaysayan ng mga bisitang-estado (*state visit*) ng mga lider; mga bilateral at/o multilateral na tratado, at mga kasunduan ng bawat bansa. Sa madaling salita, kinasangkapan ang estado-sa-estado at nasyon-sa-nasyong uri ng pag-uugnay nang sa gayon ay makita ang mga resulta at trajektori ng pinaniniwalaang “globalisasyon” sa ilang bansa. Bagaman, hindi rin mapasusubalian na ang mga embahada o pasuguan at konsulado ay silang karaniwang naglalabas ng ilang tala ukol sa diplomatikong ugnayan ng mga bansa, may pangangailangang alpasan ang kinagisnang parametrong ito ng pag-uugnay. Naipakita ng aking ilang pag-aaral ang pagdalumat sa ugnayan ng ibang mga bansa at Pilipinas na nagtampok sa implikasyon nito sa mismong mga mamamayan ng bawat kasangkot na bansa—*i.e.* Nepal (Tugano, 2021a) at Australia (Tugano, 2021b, 2023a) at rehiyon—*i.e.* *Association of Southeast Asian Nations* (ASEAN) at Europa (Tugano, 2021c, 2021d).

Taliwas sa ganitong padron ng pag-uugnay ang layunin ng *Araling Kabanwahan* at/o *Kasaysayang Kabanwahan* at *Araling Pang-erya* bilang mga alternatibong pananaw sa *Area Studies*, *Regionalism Studies*, *International Studies*, at *Comparative Area Studies* o *Transnational Studies* sapagkat tuon nito kapwa ang pagbibigay-diin sa geograpikal, nasyonal, at kultural

² Isinalin mula sa Ingles at nirebisa. Tingnan, Tugano, 2025a, pp. 321-324.



na erya na may pagkiling sa diwa at lawak ng kabanwahan (Elumbre, 2015a, 2015b, 2020; Navarro, 2012, 2015, 2021; *banwa* tingnan Salazar, 2006). Samakatuwid, ang *Araling Kabanwahan* ay mga pag-aaral, pagsusuri, o pag-unawa sa mga “kaugnay na bayan at/o ibang bayan at kabihasan” at/o “ibang bayan at/o kabihasan” sa loob ng talastasang Pilipino. Hindi lamang nito tuon ang pag-aaral ng “bayan at/o ibang bayan” at “kabihasan at/o ibang kabihasan” bilang erya, ngunit sinasaklaw din nito ang malawakang pag-aaral ng diplomasya (*Diplomacy Studies*), migrasyon (*Migration Studies*), at ugnayang panlabas (*International Relations*) ng Pilipinas sa ibang bayan at/o ibang kabihasan sa loob ng talastasang Pilipino (Navarro, 2012, p. 4; 2021, pp. 121-122, 124).

Sa pagbibigay-puna ni Navarro (2015) sa ilang tunguhin ng *Area Studies* at *Regionalism Studies*, problematiko aniya ang pagtingin sa bawat erya at rehiyon dahil sa mahabang panahon, tiningnan lamang ang ibang erya at rehiyon (*i.e.* Timog Silangang Asya), bilang pasibong tagatanggap lamang ng mga “mabunga” at “naghaharing” sibilisasyon sa daigdig—*i.e.* *Islamization*, *Sinicization*, at *Indianization* (Navarro, 2015, p. 139).

Likas ang ganitong katangian ng *Area Studies* na pinalakas ng Kanlurang ideolohiya at kanilang pananangkapan sa panahon ng Cold War (tingnan Acharya, 2006 sinipi sa Elumbre, 2019). Isang halimbawa ang Estados Unidos (kalaonan ay mga “naghaharing” bansa sa Europa) ay kagyat naghanda at pinag-aralan ang ilang pangangailangan ng “Third World” o “Global South” nang sa gayon ay masugpo ang paglaganap ng komunismo sa Timog Silangang Asya (Elumbre, 2019, p. 116). Sa ganitong anino nagtago ang *Area Studies* na malaon ay mag-aaral sa mga itinalagang geograpikal, nasyonal, at kultural na erya at rehiyon at lalawak tungo sa mga grupo-grupong bansa sa kasalukuyan—*i.e.* *ASEAN Enlargement* (Elumbre, 2019, p. 116). Sa katunayan, nagiging problematiko na rin ang ASEAN pagdating sa pag-gugrupon ito. Nang maging bagong kasapi ang Timor-Leste ngayong Oktubre 2025, may ilang bansa ang unang nagpahayag noon pang 2018 na nais sumapi sa organisasyon, kabilang ang Australia, Brazil, New Zealand, Palau, Mongolia, Turkey, Serbia, Papua New Guinea, at Bangladesh. Pinatitingkad lamang nito ang “kawalan ng hanggahan at ugnayan.”

Sang-ayon kay Navarro (2021), pinahihina ng globalisasyon ang pagsusuri at pagsisiyasat sa isang erya na may itinatakdang hanggahan, dahil ang “globalisasyon” mismo ay nagiging dahilan ng kawalan ng hanggahan at ugnayan (Navarro, 2021, p. 121). Isa pa, ang “globalisasyon” ay kamukha ng hegemonisasyon o “mapag-isang kapangyarihan at mapanlamong kapangyarihan ng iilang malalaking bansa” at homogenisasyon o “mapag-isang kapangyarihan upang gawing magkakatulad ang mga bansa na hindi kumikilala sa pagkakaiba ng mga ito (Navarro, 2021, p. 121).” Ito ang kinasasapitan ngayon ng ASEAN. Habang masalimuot ang ideya ng “globalisasyon” sa *Area Studies* ng Kanluran, hindi ito naging hadlang sa *Araling Kabanwahan* sapagkat tumupad itong pag-aralan ang kabuluhan at

katuturan hindi lamang ng mga “banwa bilang kapwa/kaugnay na bayan o kabihasanan at/o ibang bayan o kabihasanan ngunit isang kabanwahan bilang ugnayan ng mga bayan at kabihasanan sa loob ng talastasang Pilipino (Navarro, 2021, pp. 121-122).”

Mula sa analisis ni Navarro (2021) hinggil sa pagpapahina ng globalisasyon sa mga *Area Studies*, mailalapat ito kung gayon sa konteksto ng Aprika. Ayon kay Olugbemiga Samuel Afolabi (2020), ang naghaharing produksiyon ng kaalaman sa Aprika ay nakatuon at/o papunta pa rin sa ideya ng globalisasyon, na isang sangay ng kapitalismo (Afolabi, 2020, p. 95). Ang noong pagpupunla ng kolonyalismo at ngayon ay nagtago sa anino ng globalisasyon at kapitalismo ay kinakabaka pa rin hanggang ngayon ng Aprika sa antas ng “dekolonisasyon” (Afolabi, 2020, pp. 96-97), kasama rito ang masalimuot na pananaw sa “pagkabansa” ng ilang mamamayan dulot ng mga nagdaang digmaang pandaigdig, ang siyang nagpahina sa *Area Studies* (tingnan Rauch, 1955, p. 418; Ukaegbu, 1998, p. 325) ng mismong kontinente. Gayumpaman, nagtaas na rin ng diskurso ang Aprika upang aralin ang sariling erya at rehiyon sa pamamagitan ng *Area Studies* na nasa anyo ng “dekolonisasyon” (tingnan Branch, 2018; Afolabi, 2020) at “demokratisasyon” (tingnan Chabal, 2005).

Sa payak na paglilimi, nagkakatulad ang Pilipinas at Aprika sa kalagayan ng pag-aaral ng mga erya at rehiyon. Bilang pagtupad sa layunin ng *Araling Kabanwahan* at *Araling Pang-Erya*, naging mahalaga ang pag-aaral upang mailagay sa lapit ng pag-uugnay ang Pilipinas at Aprika bilang erya o “rehiyon na di-gasinong nabibigyang-pansin sa ating mga aralin sa pamantasan (Aquino, 1992a, p. iii).”

Area Studies, Araling Kabanwahan, at Araling Aprikano

Nang aking binasa ang pag-aaral na ito sa komperensiyang *Sejiwa: The Spirit of Bandung @70*, naglatag ako ng panimulang pagsasakasaysayang institusyonal sa *African Studies* at *Araling Aprikano* (diagram 1). Hinati ko ito sa tatlong yugto: (1) Maagang *African Studies* sa Pilipinas (pre-dekada 1970 hanggang 1980); (2) Paglitaw ng *African Studies* bilang *Area Studies* sa Pilipinas (1990 hanggang sa mga sumunod na taon); at (3) Paglilinang ng *Araling Aprikano* sa diwa ng *Araling Kabanwahan* (2012 hanggang 2025).

Kabilang sa unang yugto ang paglitaw ng maagang pag-aaral tungkol sa ugnayan ng Pilipinas at Aprika noong 1964; ilang maagang institusyonal na hakbang ng UP sa pagbuo ng mga programang susuporta sa mga Aprikanong mag-aaral; at ang pagbubuo ng *Grupong Aprika* sa UP noong 1987. Nilalaman ng ikalawang yugto ang pagbubuo ng *Araling Kabanwahan* mula sa *Araling Pang-Erya* sa UP noong 1990, pag-organisa ng komperensiya tungkol sa Aprika noong 1991; at ang pagkakalathala ng aklat na *Pagpapakilala sa Aprika* noong 1992. Sa parehong yugto, nilayon at/o pinangarap ang pagtatayo ng *African Area Studies*




Program sa UP. Inilakip sa ikatlong yugto ang pagpapayaman sa Araling Kabanwahan—kaakibat ng teorya at metodo nito bilang disiplinang mag-aaral sa mga erya at/o rehiyon sa pananaw ng mga Pilipino. Sa Araling Kabanwahan huhugot ng balangkas at lilitaw ang binubuo kong Araling Aprikano.

Noong 1987 nang naging Tagapangulo si Zeus A. Salazar, ang “Ama ng Pantayong Pananaw,” ng Departamento ng Kasaysayan, UP Diliman. Sa kaniyang panahon, pinagyaman ng kaguruan ang *Araling Pang-Erya* bilang “pag-aaral, pagsusuri, at pag-unawa sa mga kaugnay na bayan at/o ibang bayan (Navarro, 2012, p. 2).” Samantala, noong 1990 nang maging Dekano si Salazar ng UP Dalubhasaan ng Agham Panlipunan at Pilosopiya (DAPP) at doon ay inatasan bilang pinuno si Clemen Aquino ng Departamento ng Sosyolohiya na pamunoan ang Lupon sa *Araling Pang-Erya* na kalaonan ay bumuo ng mga palihan at publikasyon (Navarro, 2012, p. 2).

Binago nina Aquino at Salazar ang *Araling Pang-Erya* tungo sa *Araling Kabanwahan*. Hindi lamang ito simpleng pagbabago ng pangalan ngunit lakip din nito ang pagbabago ng perspektibo (Navarro, 2012, p. 2). Nabuwag din ang lupon noong 1992 dulot ng ilang pagbabago sa administrasyon ng Kolehiyo (Salazar, 1993, 2000, sinipi sa Navarro, 2012, p. 2). Gayumpaman, sa inisyatiba ng lupon, at si Aquino bilang patnugot, nakapaglathala ng tatlong publikasyon ukol sa *Araling Pang-Erya*. Ito ang *Lupon sa Araling Pang-Erya: Isang Panimula* (Aquino, 1992b) at *Ang Migrasyon ng mga Pilipino: Tungo sa Araling Pang-Erya* (Aquino, 1992c). Katangi-tangi sa mga ito ang *Pagpapakilala sa Aprika* (Aquino, 1992a) dahil sa unang pagkakataon, nagkaroon ng lathalain patungkol sa Aprika, sa pananaw ng mga Pilipino.

Dahil sa lupon, nakapagsagawa noong Setyembre 2, 1991 ng isang komperensiya na pinamagatang “Pagpapakilala sa Aprika,” sa pangunguna ng DAPP at sa suporta ng Kolehiyo ng Arte at Literatura (CAL) (Aquino, 1992a, p. iii). Sa pangunguna ni Eva Minerva Duka-Ventura ng UP Departamento ng Agham Pampolitika, noon pang 1987, nagsimula na ang pangkat ng mga guro at dalubhasang kung tawagin ay “Grupong Aprika” upang buoin ang “Araling Aprika” (Aquino, 1992a, p. iii). Liban kina Aquino at Duka-Ventura, kasama sa “Grupong Aprika” sina Oscar Evangelista at Saliba James (Departamento ng Kasaysayan); Darlene Occeña (Geograpiya); at Pedro Abraham Jr. (Araling Sining) (Aquino, 1992a, p. 35; Casambre, 1992, p. 31). Itinuring ang linggong iyon bilang “Linggo ng Aprika” noong Setyembre 2-6, 1991, kaya liban sa palihang ginanap sa Faculty Center Conference Hall, nagkaroon din ng mga ekshibit tungkol sa kasaysayan at kultura ng Aprika.





Sa katunayan, mas maaga pa sa 1987 at 1991 o 1992 ang paglitaw ng diskurso ng Aprika sa UP. Ayon sa mensahe ni UP Diliman Tsanselor Emerlinda R. Roman (1992), ang palihang binuo ng lupon ay isang “pagbuhay” (*revival*) sa interes ng unibersidad hinggil sa Aprika na unang lumitaw noong maagang bahagi ng dekada 1970 hanggang 1980. Bilang bahagi ng programa ng UP, nagkanlong ang unibersidad ng iba’t ibang Aprikanong mag-aaral, mula sa Nigeria, Egypt, at Ethiopia:

At that time, the U.P. integrated foreign scholarship program included four slots for African students. The program which provided free school fees, dormitory privileges, book allowance and monthly stipends was primarily initiated to attract African students to study at the University of the Philippines. Under this scholarship, which continued in the early 1980s, sixteen Nigerians, one Egyptian, and two Ethiopians were recipients of the program. Of the total number of about nineteen students, fourteen finished their degrees (Roman, 1992, p. 1).

Bagaman nakaugat ang “Pagpapakilala sa Aprika” sa tunguhin ng *Araling Pang-Erya* na naglalayong gamitin ang wikang F/Pilipino, ang kabuoang publikasyon ay nasa wikang Ingles, dulot ng pagkakaroon ng ilang panauhing mula sa piling embahada ng Aprika. Ayon kay Aquino (1992a, p. iii), inaasahang maisalin ang mga ito sa wikang F/Pilipino. Ngunit, sa abot ng aking nalalaman, hindi pa naisasalin hanggang ngayon ang mga nasabing lektura.

Sa unang sesyon, binasa ni Oscar Evangelista (1992) ang “Pagsasawalang-Katha ng mga Alamat Ukol sa Aprika: Ang Pangangailangan ng Aprikanong Araling Pang-erya sa Unibersidad (*Demystifying the Myths on Africa: The Need for an African Area Studies Program in the University*).” Tinalakay ni Evangelista (1992) ang iba’t ibang esteriotipo sa kontinenteng Aprika at nagbigay ng ilang mungkahi sa pagpapaunlad ng Araling Aprika sa UP (O. Evangelista, 1992, p. 6). Sa katunayan, nabanggit ni Casambre (1992, p. 31) ang mungkahi ni Evangelista na magkaroon ng *African Area Studies Program* sa UP. Ang nasabing lektura ni Evangelista (1992) ay binigyang reaksiyon at komentaryo ng iba’t ibang kinatawan ng ilang embahada at konsulado mula sa Nigeria (Owolabi, 1992), Senegal (Go, 1992), at Tanzania. Hindi nailathala ang reaksiyon ni Counsellor Joseph N. Isaka ng Embahada ng United Republic of Tanzania (Aquino, 1992a, p. 33).

Samantala, para naman sa ikalawa hanggang ikatlong sesyon, ibinahagi ang mga sumusunod na panayam at pag-aaral: “Ilang Kaisipan Ukol sa Aprika: Isang Pangkasaysayang Pananaw (*Reflections on Africa: A Historical Overview*)” ni Saliba James (1992); Mga Aprikanong Sistemang Politikang at ang Relasyon ng Pilipinas at Aprika (*On*



Political Systems and Philippine-African Foreign Relations)” ni Duka-Ventura (1992); “Pangliteraturang Tugon sa Kolonyalismo (*Literary Responses to Colonialism*)” ni Susan Evangelista (1992); at “Ang Pagsakop ng Aprika sa Amerika at Europa sa Pamamagitan ng Musikang Popular (*The African Conquest of America and Europe through Popular Music*)” ni Felipe de Leon Jr. (1992). Gayumpaman, hindi rin matatagpuan at/o hindi nailathala sa aklat ang papel nina Susan Evangelista (1992) at de Leon (1992).

Araling Aprikano bilang *Area Studies* sa Pilipinas

Katulad ng tinuran nina Aquino (1992a, p. iii) at O. Evangelista (1992, p. 2), hindi popular ang pag-aaral ng Aprika sa Pilipinas. Ang makitid at malabnaw na pagtingin ng ilang Pilipino hinggil sa Aprika ay bunga pa rin ng esteriotipong minana pa natin mula sa kolonyalismo:

For the ordinary Filipino, knowledge of Africa verges on the stereotype. This is not surprising because Africa seems so far away and so far removed from things Filipino. The common expression adopted from the Americans about going to Timbuktu when you don’t know where you are going seems to fit the stereotyping. Little do we know that Timbuktu is in Mali, West Africa, and was once a thriving commercial city in the Trans-Saharan Trade (Evangelista, 1992, p. 2).

Sa kabila nito, sanga-sanga rin ang mga kursong nagkanlong sa pag-aaral ng Aprika (hanayan 1). Bagaman hindi kompleto at may posibleng nakaligtaan sa kadahilanang pagbibigay lamang ito ng ilang halimbawa sa mga kursong tumatalakay sa erya at rehiyon ng Aprika, maimumungkahing maaari itong palawigin sa isang hiwalay na pag-aaral.

Hanayan 1

Ang Aprika sa mga Piling Unibersidad

University of the Philippines Diliman

History 170 (Africa)*

KAS 381 (Seminar on Africa and the Middle East)

Arts Studies 114 (Arts in African Cultures) *

Art Stud 153 (Arts in West Asia and North Africa)

Art Stud 154 (The Arts in African Cultures)

Hum 176 (Art in African Cultures)

CL 160 (The Literatures of Africa)

CL 360 (Seminar: African Literature)



Geog 159 (Geography of Africa)
MuL 110 (Music of Africa and Asia)
POLSC 273 (African Politics)

University of the Philippines Manila

History 170 (Africa) *
Area Studies 124 (History, Politics, Culture, and Society of West Asia and North Africa)

Polytechnic University of the Philippines Manila

HIST 180 (History of Africa) *
HIST 3143 (History of Africa) *
HIST 30193 (History of Africa)

De La Salle University Manila

INTDEVT (International Development)
LITAFRO (Literature of Africa)

Ang Aprika ay tinatalakay sa iba't ibang disiplina sa Pilipinas partikular na sa kasaysayan, panitikan at/o literatura, geograpiya, musika, agham pampolitika, at iba pa.

* Hindi na umiiral bilang kurso ngayon.

UP Diliman

Ayon sa *Computerized Registration System* (CRS), isang katalog ng mga kursong maaaring kuhanin ng mga mag-aaral sa UP Diliman, may siyam (9) na kursong umiiral na kinakitaan ng pagtalakay sa Aprika.

Ayon kay Digna Apilado (1979), sa UP Diliman Departamento ng Kasaysayan unang itinuro ang History 170 (Africa). Nang naging Tagapangulo ng Departamento si Samuel K. Tan noong 1977, nagkaroon ng pagbabago at karagdagang kurso para sa programa. Noong 1978, idinagdag sa *undergraduate curriculum* ang History 170, kasama ng History 107 (*Eastern Europe*), *History of the National Minorities*, History 157 (*Traditional Southeast Asia*), at History 169 (*Modern Latin America*) (Apilado, 1979, p. 9). Samantala, nang magkaroon ng programang Doktorado sa Kasaysayan sa UP Diliman noong 1976, naglakip ng ilang kursong tatalakay sa tinawag na "Third World Areas" (Apilado, 1979, p. 9). Kabilang dito ang History 302 (*Seminar on Imperialism and Colonialism*), History 327 (*Seminar on the History of Social Movements*), History 330 (*Seminar on Ethnic History*), History 341 (*Comparative Revolutions in Southeast Asia*), at kabilang dito ang History 381 (*Seminar of Africa and the Middle East*) (Apilado, 1979, p. 9). Gayumpaman, kapwa hindi na umiiral ang mga kursong History 170 at History 381 sa kasalukuyan. Bukod sa pinalitan ang History 381 ng KAS 381 (*Seminar on Africa and the Middle East*), ito ay kasalukuyang itinuturo na lamang sa antas ng Doktorado. Sa ilalim ng Kas 381,



tuwirang tinatalakay ang Aprika ngunit kasa-kasama nito ang “Middle East” o “Gitnang Silangan” (UPD CSSP, n.d., p. 513). Marahil mababanggit at naiintegra lamang nang pahapyaw ang Aprika sa KAS 2 (*Ang Asya at ang Daigdig*) at KAS 100 (*Introduksyon sa mga Kabihasnang Pandaigdig o Introduction to World Civilization*) (UPD CSSP, n.d., p. 490).

Batay sa “Grupong Aprika,” ilan sa mga nakiisa upang maisakatuparan ang komperensiyang “Pagpapakilala sa Aprika” noong 1991 ay ang mga mag-aaral na mula sa Arts Studies 114 (*Arts in African Cultures*) at History 114 (*History of Africa*) (Aquino, 1992a, p. 35). Gayumpaman, posibleng pinagkamalian lamang ang History 114 bilang kodigo ng “History of Africa” sapagkat ang History 114 ay kumakatawan sa kursong *Cultural History of the Philippines* na binuo sa panahon ni Teodoro Agoncillo, na pumalit kay Guadalupe Fores-Ganzon bilang Tagapangulo ng departamento noong 1962 (Apilado, 1979, p. 8). Ang History 114 ay binuo bilang kurso kasama ng History 110 (*Pre-Spanish Period to 1700*), History 111 (*Philippines in the 19th Century*), at History 112 (*Philippines from 1899 to 1946*), ngunit ang lahat ng ito ay itinuturo lamang sa Graduwadong lebel (Apilado, 1979, p. 8).

Ngunit ayon sa historyador na si Vicente Villan (2024), ang History 170 ay kaniyang kinuha sa ilalim ng paggabay ng Aprikanong (Nigerian) Propesor na si Saliba B. James, na matatandaang kasama sa “Grupong Aprika” (Aquino, 1992a, p. iii; Casambre, 1992, p. 31). Sa pagitan ng taong 1990 hanggang 1991, sa bisa ng History 170, naipakilala ni James ang kabihasnang Aprikano (V. Villan, personal communication, Oktubre 29, 2024). Malaki ang kinalaman nina Oscar Evangelista at James sa inisyatibang ito ng “Grupong Aprika.” Habang nag-aaral ng Doktorado sa Kasaysayan si James sa UP Diliman noong dekada 1990, iniatang sa kaniya ng departamento na ituro ang HIST 170 (A. Navarro, personal communication, Oktubre 30, 2024). Ang kaniyang disertasyon (James, 1995) sa UP Diliman ay tumuon sa ugnayan ng Pilipinas at Nigeria (1960-1993), sa anyo ng mga Pilipinong migranteng manggagawa (OFW) na nadestino sa nasabing bansa. Ang mga OFW sa Nigeria ay tinatawag bilang “Naija Pinoys” (tingnan *Festschrift for Zeus Salazar*, James, 2015, pp. 246-260).

Nang bumalik sa Nigeria si James, ang pagtuturo sa HIST 170 ay ibinigay kay Evangelista na noon ay humahawak ng Kasaysayan ng Kanlurang Asya (A. Navarro, personal communication, Oktubre 30, 2024). Malapit ang ugnayan nina Evangelista at James sapagkat matapos ang pag-aaral ni Evangelista sa Cairo University sa Egypt noong 1963, naging *Visiting Professor* din siya sa University of Maiduguri sa Borno, Nigeria noong 1989, kung saan niya nakilala si James (EOQ, 2011; A. Navarro, personal communication, Oktubre 30, 2024). Sa kasalukuyan, si James ay Direktor ng *Center for the Study and Promotion of Cultural Sustainability* sa University of Maiduguri (University of Hildesheim, n.d.). Ang *Exchange Visiting Professors* na sina Evangelista at James ay isang halimbawa ng bunga ng



pagpapalawak sa pananaw ng mga Pilipino sa iba't ibang erya. Ang pagpapadala ng kaguruan (*double barrel plan*) ng Departamento ng Kasaysayan sa iba't ibang bansa ay isang adyenda ni Zeus Salazar nang siya ay maging Tagapangulo ng departamento (1987-1989) at Dekano ng DAPP (1989-1992) (de Leon-Bolinao, 1993; Montejo, 2019, p. 18).

Sa kasalukuyan, hindi lang sa Kasaysayan, ngunit sa iba't ibang disiplina, lumitaw ang ilang pagtalakay sa Aprika dito sa Pilipinas. Sa UP Diliman, umusbong sa Department of Arts Studies (DAS) ang mga kursong Art Stud 153 (*Arts in West Asia and North Africa*); Art Stud 154 (*The Arts in African Cultures*); (UPD DAS, n.d.) at Hum 176 (*Art in African Cultures*). Sa ibang mga disiplina katulad ng panitikan, maituturing na *pure Area Studies* ang lente ng pag-aaral sa Aprika. Sa Department of English and Comparative Literature (DECL) tinatalakay sa CL 160 (*The Literatures of Africa*) sa lebel ng Batsilyer at CL 360 (*Seminar: African Literature*) para naman sa Doktorado ang literaturang Aprikano na naisalin na sa wikang Ingles (UPD DECL, n.d.). Samantala, kinanlong naman ng Department of Geography (DGeog) ang kursong Geog 159 (*Geography of Africa*) na naglalayong pag-aralan ang pisikal na kapaligiran, natural na yaman, at ekonomikong kaunlaran sa mga bansang Aprikano (UPD DGeog, n.d.).

Sa Department of Musicology (DMusico), bagaman itinuring na Area Studies, isinama lamang ang Aprika sa malawak na pagtanaw sa musikang Asyano sa kursong MuL 110 (*Music of Africa and Asia*) (UPD DMusico, 2018, p. 1). Ito ay habang hiwalay at/o isang hiwalay na kurso sa Area Studies ang MuL 12 (*Music of Southeast Asia and Oceania*); MuL 115 (*Music of the Americas and Europe*) at MuL 120 (*Folk and Popular Music of Europe*) (UPD DMusico, 2018, p. 1). Sa Department of Political Science (DPolSc), sa Masteradong lebel lamang inihahain ang POLSC 273 (*African Politics*) bilang bahagi ng Area III (*Comparative Politics*) (UPD DPolSc, n.d., p. 2). Isa lamang ang *comparative politics* sa eryang pinagtutuonang pansin ng DPolSc. Ang iba pa ay politika sa Pilipinas, teoryang politikal, ugnayang panlabas, at metodolohiyang politikal (UPD DPolSc, n.d., pp. 1-2).

Ateneo de Manila University at De La Salle University

Ang kakulangan ng hiwalay na pagtatampok sa Aprika bilang erya at rehiyon ay masasalamang din sa ibang unibersidad na may programa sa Kasaysayan. Halimbawa, habang sa Ateneo de Manila University (ADMU), binigyang espasyo sa HISTO 12 (*Survey of Asian Civilizations*) at HISTO 31 (*Survey of Western Civilizations*) ang mga erya at rehiyong pandaigdig (ADMU, n.d.), at ang De La Salle University (DLSU) na nagtatampok ng ibang kabihasnan sa HISTWES (*Survey of Western Civilization*); HISTEUR (*Modern and Contemporary Europe*); at HISTEAS (*Survey of Asian Civilizations*) (DLSU, 2017), hindi naman nabigyang-



espasyo ang kasaysayan ng Aprika. Ngunit sa programa ng Bachelor of Arts in Literature, partikular na sa medyor ng *Literacy and Cultural Studies*, isang *concentration course* ang LITAFRO (*Literature of Africa*) (DLSU, n.da.). Gayundin sa programa ng Bachelor of Arts in Development Studies na kinakitaan ng kursong INTDEVT (*International Development*) na anila ay nagtatampok ng komparatibong pag-aaral sa kaunlaran ng mga “First World Countries” at Latin Amerika, Asya, at kasama ang Aprika (DLSU, n.db.).

University of Santo Tomas

Sa kaso naman ng University of Santo Tomas (UST), hindi rin lumitaw ang Aprika bilang isang hiwalay na erya. Isinasama lamang ang Aprika sa ibang kurso. Halimbawa, noong 2003, sa programang Bachelor of Secondary Education, Major in History, tinatalakay ang Aprika sa HIST 109 (*Asian States and the World*) (E. Albela, personal communication, Oktubre 29, 2024). Ito rin ang kinasapitan ng Aprika sa kursong Kasaysayan. Ang HIST 101 (*Western Civilization*) at HIST 350 (*Islamic History*) ay mga itinuturing na “pinakamalapit” na kursong kakanlong sa Aprika (W. Pacala, personal communication, Oktubre 29, 2024). May epekto ang namamayaning pananaw sa kasaysayan kung bakit nakaligtaan ang Aprika. Ayon kay Wogie Pacala (2024), ang historiograpiyang pananaw ng pamantasan ay palaging nakatuon sa usapin ng kolonyalismo at post-kolonyalismo. Sa pagitan ng taong 1970 hanggang 1971, panahon ng transisyon ng pamunuan sa kapariang Español at Pilipinong Rektor, lumitaw ang *Asian Studies* (bilang *Area Studies*) na pawang nakasalig sa kolonyal at post-kolonyal na pagtingin sa kasaysayan (W. Pacala, personal communication, Oktubre 29, 2024). Taong 1951, mas naunang naglingkod ang UST sa mga programang Doktorado at Masterado sa Kasaysayan kompara sa AB History na binuo lamang noong 2011 sa ilalim ng Faculty of Arts and Letters (Resos, 2019, p. 208).

Polytechnic University of the Philippines

Ang Polytechnic University of the Philippines (PUP) Department of History ay nakapaghain ng kursong may kinalaman sa kasaysayan ng Aprika. Sa pagkakatatag ng programa ng Kasaysayan sa PUP noong 1993, hindi pa pinaksa ang Aprika bilang isang hiwalay na erya (N. Cabanilla, personal communication, Oktubre 30, 2024). Bagaman hindi pa natutukoy sa ngayon kung anong taon unang lumitaw sa programa ang pagtalakay sa Aprika, dekada 2000 naman, umiiral na ang HS 180 (*History of Africa*) bilang kurso. Si Adelfa Centeno-Caugma, na may karanasan sa *Foreign Service* ang isa sa mga unang nagturo ng kurso (J. Balsamo, personal communication, Oktubre 29, 2024).

Sa panahon ng aking pag-aaral sa programa noong 2014 hanggang 2015, ang kurso ay



naging HIST 3143 (*History of Africa*), kung saan si Marlon F. Agoy-Agoy ang nagsilbing Propesor. Ang HIST 3143 ay dating itinuturo ni Anna Rose Fueconcillo-Hull bago siya manirahan ng South Korea. Tipikal pa ring nakasalig sa positibismo at banyagang pananaw ang aming pag-aaral sa Aprika. Liban sa nag-iisang batayang aklat na ginagamit sa klase—*Africa in History*, na isinulat ng dyornalistang Ingles na si Basil Davidson (1995), hindi ko pa nasasagap noon ang halaga ng *Araling Kabanwahan* (Navarro, 2012) bilang alternatibong pananaw sa pag-aaral ng mga erya at rehiyon sa loob ng talastasang Pilipino. Isang dekada na ang nakalilipas, nanatili pa rin sa departamento bilang kurso ang bahagyang nabagong HIST 30193 (*History of Africa*).

Sa panahong ito, marami na rin sa mga akademikong taga-PUP ang naimpluwensiyahan ng *Pantayong Pananaw* ni Salazar lalo pa nagturo siya sa nasabing pamantasan at nagbunga pa nga ng iba't ibang publikasyon hinggil sa historiograpiya (Santos, 2019, pp. 71-77). Maging ang nangunguna ngayong paham at tagapagpaunlad ng *Araling Kabanwahan* na si Atoy Navarro (tingnan Santos, 2022), na dating mag-aaral ni Salazar ay nakapagturo rin sa PUP partikular na sa programa ng *Philippine Studies*. Sa kaniyang maikling pagtuturo, lalong naipakilala ni Navarro ang *Araling Kabanwahan* sa pag-aaral ng mga ugnayan at/o pag-uugnay ng Pilipinas at mga kaugnay na kabihasnan. Litaw ang impluwensiyang Navarro sa aking mga sulatin ukol sa *Araling Kabanwahan* (Santos, 2022, p. 159), kabilang ang kasalukuyang pag-aaral na ito ukol sa *Araling Aprikano*.

Ang pagbabagong ito sa pag-aaral sa Aprika ay pinatotohanan ni John Kurt Tañada (2024), dating mag-aaral ng programa sa PUP. Sa kasalukuyan nitong lagay, binabasag na ang Eurosentrikong pagtingin sa Aprika habang iniintegra sa talakayan ang mismong pag-aaral at historiograpiya ng mga Aprikano (J. Tañada, personal communication, Oktubre 29, 2024). Kasamang pinagyayaman ang *Araling Kabanwahan* at *Araling Pang-Erya* bilang balangkas ng pag-uugay sa Aprika at Pilipinas (J. Tañada, personal communication, Oktubre 29, 2024). Mula kina Aljon Concillado at Patrick Manguera, ang HIST 3143 o HIST 30193 ay ibinigay sa ilalim ng superbisyon ni Reginald Reginaldo (R. Reginaldo, personal communication, Oktubre 30, 2024), na naging mag-aaral ni Salazar sa PUP noong 2018-2019. Gayumpaman, sa kabila ng nagtatalo-talong peryodisasyon ng mga historyador sa Kasaysayan ng Aprika, sinikap ni Reginaldo na iugnay ito sa Kasaysayan ng Pilipinas—*i.e.* mga aliping Aprikano sa Pilipinas, ugnayan ni Marcos sa Aprika, at iba pa (R. Reginaldo, personal communication, Oktubre 30, 2024).

Ngunit, sa kabila ng nagsisimula nang pag-unlad ng talastasang Aprika sa departamento, sa hindi natukoy na kadahilanan, binabalak at/o aalisin na ang HIST 30193 sa kurikulum bilang isa sa mga erya sa Kasaysayan (J. Tañada, personal communication,



Oktubre 29, 2024). Mag-aaral pa lamang ako noon sa PUP, naririnig ko na ang kagustuhan ng ilang Propesor na “tanggalin” sa kurikulum ang kurso. Dahil anila, “walang eksperto” at/o “walang magtuturo” na Propesor na may kasanayan sa kasaysayan ng Aprika. Sa ganang akin, hindi naman talaga kinakailangan ng “kadalubhasaan” sa kursong ito. Hindi katulad ng *Area Studies*, hindi problema sa *Araling Kabanwahan* ang pag-aaral sa ibang bayan at/o kabihasan dahil ang kasanayan ng mga Pilipino sa sariling bayan at/o kabihasan ay sasapat na upang maunawaan at maiugnay ang Pilipinas at ibang erya at/o rehiyon, katulad ng Aprika.

Kung sakaling tuluyang tanggalin ang HIST 30193, isa ito sa maituturing na “sinayang” na erya sa programa, katulad ng pag-alis din sa kurikulum ng HIST 3133 (*History of Australia and the Pacific Islands*), kursong aming kinuha noong 2013 hanggang 2014. Ilan sa dahilan ng pagkakatanggal ay isinisi muli sa ekspertismo at kakulangan sa babasahin ukol sa “Kasaysayan ng Australia.” Kung tutuosin, mailalagay ang halaga ng Australia bilang bansa sa konteksto ng mga Pilipino sa anyo ng ugnayan, na siyang naipakita ng ilang pag-aaral (Victoria, 2015, 2023a, 2023b) at sariling pananaliksik (Tugano, 2020, 2021b, 2023a), na kapwa kumiling sa *Araling Kabanwahan*. Sa madaling salita, hindi naman kailangang tanggalin o palitan ang HIST 3133 ngunit kailangan lamang nitong iremodipika. Halimbawa, sa halip na *History of Australia and the Pacific Islands*, bakit hindi gawing “Pilipinas at ang mga Isla sa Pasipiko” lalo pa at Austronesyano rin ang mag-uugnay sa mga erya at rehiyong narito? Isa pa, ang *Araling Kabanwahan* ay buhat sa *banwa* na orihinal na salitang Austronesyano na hanggang sa ngayon ay makikita at/o matatagpuan pa rin sa iba’t ibang anyo sa Asya-Pasipiko (Salazar, 2006). Ganito rin ang nais kong maging tadhana ng Aprika bilang isang erya—ang ituon sa saysay at talastasang Pilipino.

UP Manila

Noong 1984, hinihiram ng UP Manila ang marami sa mga kurso ng Kasaysayan mula sa UP Diliman ngunit hindi kabilang sa mga nabuksan ang History 170 (A. Navarro, personal communication, Oktubre 30, 2024). Mula 1999, inihahain na bilang *required major course* ang Area Studies 124 (*History, Politics, Culture, and Society of West Asia and North Africa*) ng Bachelor of Arts in Social Sciences (*Area Studies*) ng UP Manila (UPM CAS, 2022, p. 2)—na ngayon ay itinuturo nina Celestina Boncan at Arnold Esguerra (A. Navarro, personal communication, Oktubre 30, 2024). Kapansin-pansin ang pagsasama ng Kanlurang Asya at Hilagang Aprika bilang rehiyon. Tingnan ang kinasapitan ng kursong Area Studies 124 ng UP Manila (UPM CAS, 2022, p. 2) at KAS 381 (*Seminar on Africa and the Middle East*) sa UP Diliman (UPD CSSP, n.d., p. 513). Ang ganitong pagsasama ng Kanlurang Asya at Hilagang Aprika o sa kabuoan bilang Mundong Arabo ay ipinaliwanag na ni Eva Duka-Ventura (1992):



In any universities abroad, they have that kind of demarcation line also. Studies on North Africa would be mixed with studies on West Asia and the Arabic World, while those south of Sub-Saharan Africa is, as we have pointed-out, known as Black Africa, Equatorial Africa or Dark Africa. These are terminologies first used by western powers who wanted to divide the entire African continent among themselves (p. 25).

Gayumpaman, nais linawin sa bahaging ito na hindi pinaghihiwalay ang buong Aprika sa diskursong ito. Higit lalong hindi nakatuon sa pananaw ng Kanluran na siya ngang kinabaka ng mga Asyano-Aprikano sa matagal na panahon. Sa katunayan, pagpapahalaga ito sa Aprika mula sa perspektibong Asyano at Pilipino dulot ng ating rekognisyon sa artipisyal na pagrerehiyon (Asya at Aprika) sa harap ng malalim na ugnayan ng dalawang rehiyon (A. Navarro, personal communication, Oktubre 30, 2024). Malinaw na tiningnan halimbawa ni Edward Said (1978) sa kaniyang *Orientalism* ang pagtingin ng Europeo sa Silangan (Kanlurang Asya) bilang “primitibo” at nangangailangan ng kaunlaran. Ito ay katulad din ng nilalaman ng nobelang *Heart of Darkness* ni Joseph Conrad (1899/2010) na tumalakay sa naging paglalakbay ni Charles Marlow sa Congo Free State na ngayon ay Democratic Republic of the Congo. Sa nasabing nobela, inilarawan ang pagkiling ng mga Europeo sa mga Aprikano (Tugano, 2025a, p. 321). Samakatuwid, maging sa sinaunang pananaw ng historiograpiya, karaniwang nagkakatulad ang Kanlurang Asya at Aprika. Kaya nga ito ang nagbigay daan sa pagbubuo ng *Middle East and North Africa* (MENA) (tingnan Anderson, 1987) na magiging *West Asia and North Africa* (WANA), bilang alternatibo sa Eurosentrikong pananaw hinggil sa tradisyonal na *Greater Middle East*, na malaon ay malawakang tatanggapin at pagyayamanin sa mga post-kolonyal na pag-aaral:

...postcolonial studies have attempted a counter-hegemonic exercise of naming and making the region by advocating the term “(South) West Asia and North Africa ([S]WANA)” in order to overcome the Eurocentric pendant “Middle East and North Africa (MENA)” with its (post-)colonial heritage (Busse, 2021, p. 86).

Sa usapin ng genetika, etnolingguwistika, at kultura, tunay na magkakaugnay ang mga tao at/o mamamayan sa WANA. Masusukat ito sa sinaunang kasaysayan partikular na sa Rebolusyong Neolitiko (circa 10,000 BK) hanggang sa pagsibol ng Kabihasnang Ehipto (circa 3100 BK) hanggang sa paglaganap ng Kabihasnang Arabo (simula dantaon 7 hanggang 8) (A. Navarro, personal communication, Oktubre 30, 2024). Matatandaan na ang Ehipto ay bahagi rin ng WANA na nasa Hilagang Silangang Aprika.



Sa kontemporaryong kasaysayan, may pagkakaugnay din ang WANA sa pakikipaglaban ng mga bansang narito sa kolonyalismo at neokolonyalismo, lalo na ang sinakop noon ng France na mga bansang nasa Hilagang Aprika (Algeria, Morocco, at Tunisia). Kaya nagbigay-daan ito sa pagbubuo ng Asian-African/Afro-Asian Conference o Bandung Conference sa Indonesia noong 1955, bilang pagkakaisa ng mga Asyano-Aprikano sa daigdig (Appadorai, 1955, p. 207). Samakatuwid, ang buong rehiyon ng WANA ay umalpas sa tradisyonal na paghihiwalay ng Kanluran sa Asya at Aprika. Sa ganitong pananaw sa Kanlurang Asya at Hilagang Aprika kumakatig ang Area Studies 124 ng UP Manila. Liban sa Area Studies 124, kapansin-pansin ang serye ng mga kursong nagtampok sa Araling Asyano—Area Studies 121 (*History, Politics, Culture, and Society in Southeast Asia*), Area Studies 122 (*History, Politics, Culture, and Society in South Asia*), at Area Studies 123 (*History, Politics, Culture, and Society in East Asia*) (A. Navarro, personal communication, Oktubre 30, 2024).

Ayon kay Navarro (2024), bagaman maaaring ituon na lamang ng Area Studies 124 ang Kanlurang Asya lalo pa at Araling Asyano ang tuon ng *Area Studies* sa UP Manila, isinama rin ang Hilagang Aprika sapagkat ipinakikita nito ang rekonisyon sa pagsasama at ugnayang pangkasaysayan ng dalawang rehiyon—sa pananaw at pagpapahalaga ng mga Asyano (kabilang na ang mga Pilipino) (A. Navarro, personal communication, Oktubre 30, 2024).

Sa diwa ng *Araling Kabanwahan*, habang tinitingnan nating may kabuoan ang bawat rehiyon sa mundo, kailangang nating pagkaisahin ang pananaw ng mga Asyano at Aprikano sa halaga ng bawat kabihasnang kinabibilangan. Sa balangkas ng Eurosentrikong historiograpiya, kadalasang problematiko ang ganitong pagtingin sa tuwing tinatalakay ang Aprika bilang isang erya at rehiyon ng daigdig (tingnan Jewsiewicki & Mudimbe, 1993; Manning, 2013; Boadu, 2020). Ang ganitong asersiyon ay malapit sa sitwasyon ng Pilipinas. Hindi pumabor si Salazar (1998, p. 59) sa ideya ng “impluwensiya” na nagtutunog pasibong tagatanggap lamang ng impluwensiya mula sa labas ang iba pang kabihasnan katulad ng Pilipinas. Makikita ito sa ilang teksbuk ukol sa kasaysayan ng Pilipinas na tiningnan na sumalo lamang tayo ng impluwensiya mula sa Tsina, Arabia, at India (Curaming, 2017, p. 435 sinipi sa Santos, 2020, p. 9, n. 19). Talamak din ang ganitong naratibo sa Kasaysayan ng Daigdig na kadalasang itinatanghal ang “sibilisasyon” ng mga “naghaharing imperyo at kaharian” ng Gresya, Roma, Ehipto, Mesopotamia, India, at Tsina. Bagaman napabilang sa mga ito ang Arabia (Freitag, 1994) at Ehipto (Lichtheim, 1963), ang pagsatugatog naman sa kanilang kasaysayan sa nagdaang historiograpiya ay nanatiling kagagawan ng mga Kanluranin. Kaya ang pagkilos halimbawa ng WANA ay may layuning katigan ang panloob na pananaw sa Mundong Arabo at Hilagang Aprika mula sa sarili nitong mga mamamayan. Ito ay habang pinagdidiinan ng Kanluraning historiograpiya ang demarkasyon ng *Great*



Tradition at Little Tradition (Santos, 2020, p. 16), pinaglaanan ng ilang pahina sa mga aklat pangkasaysayan ang tinuran nilang “Iba Pang mga Sibilisasyon sa Aprika, Amerika, at Pasipiko.” Tingnan bilang halimbawa ang kritisismo ng *Pantayong Pananaw* sa Pilosopiya ng Kasaysayang Pandaigdig (tingnan Ramos *et al.*, 2019). Kung nagkakaugnay ang kalagayan ng Aprika at Pilipinas sa historiograpiya, samakatuwid, mas lalo pang dapat siyasatin ang kahalagahan ng dalawang rehiyon.

Araling Aprikano sa Diwa ng Araling Kabanwahan

Mahalagang linawin ang itatakda kong paghihiwalay at/o pagkakaiba ng *African Studies* at Araling Aprikano (hanayan 2). Sa tulong ni Navarro, binigyan namin ng kahulugan ang *Araling Aprikano* bilang isang “sistematikong pag-aaral ng Aprikanong kaisipan, Aprikanong kultura, at Aprikanong lipunan batay sa Aprikanong karanasan at kasaysayan.” At bilang Araling Aprikano sa diwa ng *Araling Kabanwahan*, pinag-aaralan nito hindi lamang ang mga Aprikano kundi pati ang ugnayan ng mga Aprikano at Pilipino na naglalayong maipasok ang mga Pilipino sa talastasan. Katulad ng paghihiwalay ni Santos (2023) sa *Marikina Studies* at Araling Marikina, ganito rin ang maaaring mailapat sa *African Studies* at Araling Aprikano. Ang kahulugan ng Araling Aprikano ay umangkin at/o umangkat ng depinisyon ni Prospero Covar (1991) sa *Pilipinolohiya* bilang “isang sistematikong pag-aaral ng kaisipang Pilipino (*psyche*), kulturang Pilipino, at lipunang Pilipino.”

Hanayan 2

Kaibahan ng African Studies at Araling Aprikano

	<i>African Studies</i>	Araling Aprikano
paksa	Aprika at Pilipinas at/o Aprikano at Pilipino	Aprika at Pilipinas at/o Aprikano at Pilipino
pamamaraan	interdisiplinaryo	interdisiplinaryo
wika	Ingles	Filipino
pananaw	pansila	pansila
kinapaloloobang larangan	Area Studies	Araling Kabanwahan

Ipinakikita ng hanayan ang ilang pagkakatulad at malawak na kaibahan ng *African Studies* at Araling Aprikano (likha ng may-akda mula sa modelo ni Santos, 2023, p. 31).

Ang *African Studies* at Araling Aprikano ay kapwa tumutuon at nagkakatulad sa paksa at pamamaraan. Habang tinatanggap na ng *Area Studies* at *Araling Pang-erya* ang interdisiplinaryong lapit, pinag-aaralan ng *African Studies* at Araling Aprikano ang mga



paksang may kinalaman sa Aprika at Pilipinas at/o mga Aprikano at Pilipino. Nagkakaiba lamang ang dalawa sa tinutungtungang wika. Malinaw ang ganitong paghihiwalay sa depinisyon ni Navarro (2012). Bagaman ang kaniyang tinutukoy ay *Kasaysayang Kabanwahan*, sinabi niyang “empasis sa mga akdang pangkasaysayan sa sariling wika ang naghihiwalay sa *Kasaysayang Kabanwahan* sa mga naunang pagtatangka para sa pangkasaysayang araling pang-erya (Navarro, 2012, p. 7).” Ganito rin ang pagtatakda ni Salazar (1998) sa *Pantayong Pananaw* na tumingin sa *Philippine Studies* bilang isang disiplinang nag-aaral tungkol sa Pilipinas na kahit Pilipino (tao) man ang sumulat at sila ay taga-Pilipinas, ngunit gumamit ng wikang Ingles, humihiwalay at/o kumakalas dito ang tunguhin ng *Pilipinolohiya* ni Covar (1991).

Sa usapin naman ng kinapaloloobang larangan, nasa ilalim ng *Area Studies* ang *African Studies* samantalang ang Araling Aprikano ay nasa diwa ng *Araling Kabanwahan* dahil pinaguugnay nito ang Aprika at mga Aprikano sa Pilipinas at mga Pilipino. Gayumpaman, hindi lamang ito simpleng paghihiwalay o pagbabago ng pangalan mula *African Studies* patungong Araling Aprikano. Hindi natin isinasantabi ang mga dulong sa teorya, metodo, at gamit dahil lamang sa pinagmulan nito. Katulad ni Josefa Sanial (1974-1975) na bagaman ay orihinal na nagsusulong ng *Area Studies* ay nagpanukala ng “paggamit ng mga materyal na sariling atin” at samakatuwid, kamukha ng *Araling Kabanwahan* [at *Kasaysayang Kabanwahan*] na pinagyaman ni Navarro (2012):

Hindi hinihikayat ng *Kasaysayang Kabanwahan* ang pagsasantabi ng mga dulong sa teorya, metodo, at gamit dahil lamang sa pinagmulan ng mga ito. Kapwa mapanganib ang hindi kritikal na pagtakwil at hindi kritikal na pagtanggap sa mga *banyagang lapit*. Kung sakaling maaaring pakinabangan ang mga *banyagang lapit*, mahalagang maging maingat at mapili sa *pag-aangkin* ng mga *banyagang lapit* na ipapaloob sa *sariling kabihasnan* (p. 5).

Mahalaga ring idiin ang pagkakatulad at pagkakaiba ng *African Studies* at Araling Aprikano pagdating sa sinasandigang pananaw. Kapwa sila nakasunod sa *pansilang pananaw* na ayon kay Salazar (1991), “ang pananaw ay masasabing *pansila* kung ang ibig sabihin ay pantukoy sa *iba* at hindi sa *kapwa*—halimbawa, *ganito sila, ganito ang ugali nila, ganito ang mga tagalabas o banyaga* (Salazar, 1991, p. 58).” Ang *African Studies* ay nakasunod sa *pansilang pananaw* ng mga banyaga at/o mala-banyaga tungkol sa Aprika at/o sa mga Aprikano. Samantala, ang *Araling Aprikano* ay nakapadron naman sa *pansilang pananaw* ng mga Pilipino tungkol sa Aprika at/o sa mga Aprikano. Gayumpaman, ang depinisyon ni Salazar (1991) sa *pansila* bilang pantukoy sa *iba* at hindi sa *kapwa* ay kamukha sa kung papaano niya pinag-iiba



ang *kapwa-bansa* sa *di-kapwa* o *ibang bansa*, batay sa kaniyang sinaunang pagbubuo ng *Araling Kabanwahan*.

Ani Salazar (2006), ang “Araling Kabanwahan ay agham ng pakikipag-ugnay, pakikipagtalastasan sa mga bansa at ibang etnisidad sosyo-politikal...na ang gawain at kaligayahan ay pag-aralan ang mga bansa na batid kung alin ang mga kapwa-bansa...kompara sa mga di-kapwa o iba pa nga at mga bansa (Salazar, 2006 sinipi sa Navarro, 2021, p. 123).” Gayumpaman, may pagkakaiba ang pananaw ni Navarro (2021) kay Salazar (2006) sa *sarili*, *kaugnay*, at *iba* (tingnan Santos, 2022):

Samantala, pinapakahulugan ko naman ang Araling Kabanwahan bilang pag-aaral, pagsusuri, at pag-unawa sa mga kapwa/kaugnay na bayan o kabihasanan at/o ibang bayan o kabihasanan sa loob ng talastasang Pilipino. Taliwas sa malinaw na *othering* o pag-iiba sa pinapaksang partikular na erya sa *Area Studies* at kaiba rin sa pakahulugan ni Salazar ng Araling Kabanwahan na may pag-iiba sa kapwa-bansa sa di-kapwa o ibang bansa, may pagkilala ang aking pagpapakahulugan na maaaring sabay na maging kapwa/kaugnay at iba ang isang bayan o kabihasanan (Navarro, 2021, p. 124).

Samakatuwid, para kay Navarro (2021), ang *kapwa/kaugnay* na bayan o kabihasanan ay isang pagpopook ng sariling kabuoan sa mas malalawak na kabuoan samantala ang *ibang* bayan o kabihasanan ay pag-unawa sa ibang kabuoan para sa sariling kabuoan (Navarro, 2021, p. 125). Hinalimbawa niya ang Indonesia na aniya ay maaaring maging “ibang bayan o kabihasanan” para sa mga Pilipino ngunit *kapwa/kaugnay* na bayan at/o kabihasanan kung ang magiging batayan ay pagiging Austronesyano/Nusantao, Timog Silangang Asyano, Asyano, at tao sa mundo (Navarro, 2021, pp. 124-125).

Mula sa hiniram na pagpapaunlad ni Navarro (2021) hinggil sa *sarili*, *kaugnay*, at *iba*, madaling mailalapat ang ugnayan ng Pilipinas at Aprika (diagram 2). Maaaring *ibang* bayan o kabihasanan ang Aprika sa pananaw ng mga Pilipino dahil sa pisikal na katangian at/o katawan, geograpikal na lokasyon, at sa ilang aspekto ng kultura. Ngunit, maaaring maging *kapwa/kaugnay* na bayan o kabihasanan kung ang titingnan ay (1) pagiging Austronesyano, lalo na ang Madagascar (Salazar, 2006; Lasco, 2015) at kalaonan ay mapatutunayang umabot pa ang migrasyon sa Silangang Aprika—*i.e.* via Comoros (Brucato *et al.*, 2018); (2) pagiging dating kolonya ng kapanyarihang Kanluranin at marahil, ang mga pagtugon dito; (3) kapwa inihanay bilang mga bansang kabilang sa “Third World” at “Global South;” at (4) pagiging tao sa mundo.



Diagram 2

Ang Aprika at Pilipinas bilang iba at kapwa/kaugnay na bayan o kabihasnan



Maipakikita ang pagiging *kapwa/kaugnay* na bayan o kabihasnan ng Pilipinas at Aprika sa pamamagitan ng pangsangguniang pagtatala sa mga pag-aaral tungkol sa ugnayan ng Pilipinas at Aprika.

Pagtatala sa mga Pag-aaral tungkol sa Ugnayan ng Pilipinas at Aprika

Isang sub-bahagi ang inilalaan sa pagbabalik-tanaw sa mga naunang akdang tumalakay sa ugnayan ng Pilipinas at Aprika. Nagkaroon ng tatlong kategorisasyon sa mga akdang ito. Mga akdang isinulat ng (1) mga Pilipinong nagsulat tungkol sa Aprika at/o ugnayan ng Aprika at Pilipinas sa wikang Ingles; (2) mga Aprikano at iba pang banyagang nagsulat tungkol sa ugnayan ng Aprika at Pilipinas; at (3) mga Pilipinong nagsulat tungkol sa Aprika at/o ugnayan ng Aprika at Pilipinas sa wikang F/Pilipino. Gayumpaman, mayorya sa mga akdang naisulat ay kabilang sa unang dalawang kategorya. Lahat ng ito ay naisulat sa wikang Ingles, samakatuwid, maituturing bilang mga halimbawa ng *African Studies* na nakasunod sa tunguhin ng *Area Studies*. Espesiyal namang itatampok sa bahaging ito ang mga akdang nakasalig sa pamantayan ng Araling Aprikano sa diwa ng *Araling Kabanwahan*. Bagaman maraming disiplina ang nagtampok, nagbanggit, at nagtalakay sa Aprika, selektibo ang pamamaraan sa kung anu-anong akda ang gagawing batayan upang maipakita ang mga umiiral na paksa at/o pag-aaral tungkol sa rehiyon. At siyempre, ang pinakamahalagang batayan ay yaong pinapaksa at/o inihahambing ang Aprika sa konteksto ng mga Pilipino.

Hanayan 3

Mga pag-aaral tungkol sa Aprika at ugnayan nito sa Pilipinas

Mga pag-aaral ng mga Pilipino tungkol sa Aprika at/o ugnayan ng Aprika at Pilipinas sa wikang F/Pilipino (1974-2023)		
REHIYON AT MGA BANSA	BILANG	PORSIYENTO
Aprika (kabuoang rehiyon)	12	37.50
Egypt	1	3.13
Ethiopia	2	6.25
Kenya	2	6.25
Libya	2	6.25
Madagascar	4	12.50
Mali	1	3.13
Nigeria	4	12.50
South Africa	3	9.38
Uganda	1	3.13
Kabuoan	32	100.00

Mga pag-aaral ng mga Pilipino tungkol sa Aprika at/o ugnayan ng Aprika at Pilipinas sa wikang Ingles (1992-2024)		
Aprika (kabuoang rehiyon)	23	50.00
Algeria	3	6.52
Burundi	1	2.17
Egypt	1	2.17
Ethiopia	2	4.35
Ghana	1	2.17
Ivory Coast	1	2.17
Libya	4	8.70
Malawi	2	4.35
Morocco	2	4.35
Senegal	1	2.17
South Africa	3	6.52
Zambia	1	2.17
Zimbabwe	1	2.17
Kabuoan	46	100.00

Mga pag-aaral ng mga Aprikano at iba pang mga banyaga tungkol sa ugnayan ng Aprika at Pilipinas (1964/1992-2024)



Aprika (kabuoang rehiyon)	12	16.22
Algeria	3	4.05
Burkina Faso	3	4.05
Cameroon	2	2.70
Congo	1	1.35
Egypt	1	1.35
Ethiopia	2	2.70
Ghana	3	4.05
Kenya	10	13.51
Lesotho	1	1.35
Liberia	2	2.70
Malawi	2	2.70
Morocco	1	1.35
Mozambique	2	2.70
Namibia	1	1.35
Niger	1	1.35
Nigeria	6	8.11
Rwanda	1	1.35
Senegal	2	2.70
Sierra Leone	1	1.35
South Africa	11	14.86
South Sudan	1	1.35
Uganda	3	4.05
Zambia	1	1.35
Zimbabwe	1	1.35
Kabuoan	74	100.00

Bagaman nakapagtala ng iba't ibang Aprikanong bansa bilang paksa ng ilang pag-aaral, karamihan sa mga ito ay bahagi lamang ng mga *case studies*. Tinipon ng may-akda ngayong 2025. Sa kabuoan, may 152 na mga pag-aaral ang kinasangkapan sa pagtatalang ito (hanayan 3). Kapansin-pansin ang 74 pananaliksik na isinulat ng mga Aprikano at iba pang banyaga tungkol sa ugnayan ng Aprika at Pilipinas. Bagaman taong 1992 unang kinakitaan ang UP Diliman ng mga Aprikanong nagsulat tungkol sa Pilipinas (Aquino, 1992a), may lumitaw na pag-aaral sa pagitan ng taong 1964 hanggang 1965 hinggil sa ugnayan ng Aprika at Timog Silangang Asya, kung saan kasamang nabanggit ang Pilipinas (Hunter, 1964; von der Mehden, 1965). Kahit nakapagtala sa hanayan ng iba't ibang Aprikanong bansa bilang paksa, karamihan naman dito ay bahagi lamang ng mga *case studies* at komparatibong pag-aaral na kadalasan ay mapapansin sa mga *applied science* at teknikal na mga disiplina. Bibihira pa talaga ang naghahambing sa Aprika at Pilipinas na labas sa mga disiplinang teknikal lalo



pa rito sa Pilipinas. Ang kasalatang ito ay makikita kapwa sa mga pananaliksik ng mga Pilipino tungkol sa Aprika at/o ugnayan ng Aprika at Pilipinas—sa wikang F/Pilipino na umabot ng 32 at sa wikang Ingles na 46 ang bilang. Halos walang pinagkalayo at samakatuwid posibleng makita ang isang dahilan na hindi gaanong popular sa Pilipinas ang mga disiplinang tumutuon sa Aprika.

Hanayan 4

Klasipikasyon ng mga publikasyon ukol sa pag-aaral tungkol sa Aprika at ugnayan nito sa Pilipinas

Klasipikasyon ng mga pag-aaral	Tema		
	Pag-aaral ng mga Pilipino tungkol sa Aprika at/o ugnayan ng Aprika at Pilipinas sa wikang F/Pilipino	Pag-aaral ng mga Pilipino tungkol sa Aprika at/o ugnayan ng Aprika at Pilipinas sa wikang Ingles	Pag-aaral ng mga Aprikano at iba pang mga banyaga tungkol sa ugnayan ng Aprika at Pilipinas
dyornal	8	23	33
aklat	6	5	7
kabanata ng aklat	8	5	7
teksbuk/ modyul	10	0	0
pahayagan/komentaryo	1	1	7
ulat (<i>report</i>)	0	7	9
<i>proceedings</i>	0	2	6
tesis/disertasyon	0	0	4
Kabuoan	33	43	73

Ipinakikita ng hanayan ang distribusyon ng mga paksa tungkol sa Aprika at ugnayan nito sa Pilipinas. May pagkakaiba ang resulta ng bilang ng publikasyon kung ihahambing sa Hanayan 3. Ang hanayan 3 ay bilang ng mga Aprikanong bansang nabanggit bilang paksa, samantalang bilang ng publikasyon ang nilalaman ng hanayan 4. Tinipon ng may-akda ngayong 2025.

Pagdating naman sa distribusyon ng mga publikasyon (hanayan 4), pinakamarami pa rin ang mga pag-aaral ng mga Aprikano at iba pang banyaga tungkol sa ugnayan ng Aprika at Pilipinas na binubuo ng 73 na pag-aaral. Sumunod ang 43 na bilang ng publikasyong pinangunahan ng mga Pilipinong mananaliksik na sumulat sa wikang Ingles. Nananatili rin namang pinakamababa ang 33 na publikasyong nasa wikang F/Pilipino. Sa kabuoan,



pinakahitik ang 64 na publikasyon sa anyo ng mga refiradong dyornal. Halos magkakapantay ang bilang ng aklat at mga kabanata ng aklat sapagkat karamihan naman dito ay mula at/o inilimbag mula sa ilang proyekto at/o ulat (*report*) sa anyo halimbawa ng mga *feasibility studies* at *case studies*. Gayumpaman, karamihan sa mga ito ay pawang kinasangkapan lamang ang Pilipinas bilang isa sa mga paksa at/o pinagkukuhanan ng datos. Samantala, 8 pag-aaral ang nanatili pa ring *proceedings* sa mga komperensiya at 7 ang pahayagan at/o komentaryo. Panghuli, pinakamababang bilang ang nasa tesis at disertasyon na binubuo ng 4.

Mga Pilipinong nagsulat tungkol sa Aprika at/o ugnayan ng Aprika at Pilipinas sa wikang Ingles

Sa mga nagdaang panahon, nanatiling nakasunod sa pamantayan ng *Area Studies* ang pag-aaral ng mga Pilipino at/o Pilipinas tungkol sa Aprika. At malamang, pag-aambag ito sa *African Studies* dahil sa pagkakagamit sa wikang Ingles. Katulad ng aklat na *Pagpapakilala sa Aprika* (Aquino, 1992a) at ilang nilalaman nito (de Leon, 1992; Duka-Ventura, 1992; O. Evangelista, 1992; S. Evangelista, 1992; Go, 1992), nanatiling nasa wikang Ingles ang ginamit ng ilang Pilipinong iskolar at mananaliksik na nagsulat tungkol sa rehiyon.

Liban sa aklat (Aquino, 1992a), may ilang Pilipino rin ang sumulat tungkol sa ugnayan ng Pilipinas at Aprika bilang paksa sa *Area Studies*, sa lente ng interdisiplinaryong lapit. Gayumpaman, mayorya sa mga pag-aaral ay tumuon sa agham pangkalikasan (Naorbe, 2021; Delfin-Bumatay & Madrid, 2024) at ekolohiya (Samonte *et al.*, 2007; Abadilla, 2013). Kung hindi man, ang mga pag-aaral ay nakatuon sa usapin ng irigasyon, agrikultura, at polisiyang may kinalaman sa pagkain at kahirapan. Dalawang rehiyon sa Aprika ang malimit na talakayin sa mga pag-aaral—ang Rehiyong Sahelo-Sahara³ (Ratilla, 2019) at Sub-Sahara⁴(Malabed, 2001) ngunit hindi naman ito gaanong naiuugnay sa Pilipinas. Katulad din ito ng ilang pananaliksik tungkol sa Sub-Sahara ni Arlene Inocencio (*et al.*, 2003, 2006, *et al.*, 2007, 2022) lalo pa at sa loob ng labing-limang taon, kabilang ang South Africa, Kenya, Ghana, Ethiopia, Ivory Coast, at Tunisia sa mga bansang kaniyang pinagtrabahuhan (Inocencio, n.d., p. 2). Samantala, ang pag-aaral nina Manlosa *et al.* (2023) ay tumuon naman sa komparatibong pagsusuri sa *food system* ng Ethiopia at Pilipinas (kasama ng Indonesia).

Nagtaas ng pagpapahalaga ang mga pag-aaral na iniluwal ng *African Studies* ng mga

³ Isang rehiyon na kinabibilangan ng mga bansang Burkina Faso, Chad, Mali, Mauritania, at Niger.

⁴ Rehiyon na kinabibilangan ng lahat ng Aprikanong bansa liban sa North Africa na tinawag bilang “African Arab.”



Pilipino, sa iba't ibang disiplina. Ang Aprika, sa kabuoan bilang kontinente, ay naipasok sa kontekstong Pilipino bagaman nananatili pa ring nasa wikang Ingles. May ibang pag-aaral naman ang nagtampok sa isang espesipikong Aprikanong bansa. Halimbawa, habang pinagtuonan ng pansin ang panlipunang sanitasyon at kalagayan ng kababaihan sa Ethiopia (Ngales, 2007), may ilang Pilipino ang nagkaroon ng interes upang pag-aralan ang sosyo-ekonomikong kalagayan ng Malawi (Alinsunurin, 2018) at ekonomiya ng Zimbabwe noong dantaon 21 (Jimenez, 2018).

May nagbigay ng halaga sa panitikan, teolohiya, at pilosopiya ng Aprika. Sa panitikan, habang tinalakay ni Charlie Samuya Veric (2011) ang ilang tala ukol sa kalagayan ng *cultural studies* at *indigenization* sa Aprika (pp. 109-110), espesipikong sinuri ni Marcelino Foronda (1964) ang ilang nobelang mula sa South Africa katulad ng *Cry, the Beloved Country* (1948) at *Too Late the Phalarope* (1953) na kapwa isinulat ng nobelistang Timog Aprikano na si Alan Paton.

Inihambing naman nina Villanueva & Gamiao (2022) ang tulang *Dry your tears, Africa!* (*Sèche Tes Pleurs*) na isinulat noong 1967 ng nobelistang mula sa Ivory Coast na si Bernard Binlin Dadie at *From Saudi with Love* ni Ariel Borlongan ng Pilipinas. Ang dalawang tula ay kapwa nagpakita ng ideya ng patriotismo, pagmamahal sa pamilya, at paghahanapbuhay sa labas ng bansa na makikita parehas sa Ivory Coast at Pilipinas. Tinalakay din ang komparatibong pagsusuri sa katutubong panitikan ng Pilipinas at South Africa (Quintero & Makgabo, 2020).

Samantala, kung may nagbigay ng pagpapahalaga sa sinaunang relihiyon ng Bantu sa Zambia at Malawi (Contamina, 2013), inatupag naman ni Agnes Brazal (2014) ang ugnayan ng Teolohiya at Feminismo sa Aprika. Gayundin ang naging tunguhin ng ilang Pilipinong nagkaroon ng interes sa pilosopiya ng Aprika at kung papaano ito maiuugnay sa kontekstong Pilipino. Kabilang dito sina Rolando Gripaldo (2018) na tumuon sa komparatibong pagtingin sa pilosopiyang kultural ng Pilipinas at Aprika—at Czar Emmanuel Alvarez (2014, 2020a, 2020b) na tumalakay sa pilosopiya ng mga sinaunang Aprikano katulad ni St. Augustin ng Hippo sa Thagaste (ngayon ay Souk Ahras, Algeria). May pag-aaral din sina Cacas & Saluria (2024) tungkol sa Afro-Amerikanong si Maya Angelou.

May tumuon sa agham pampolitika at usapin ng migrasyong Pilipino. Liban sa ugnayan ng *foreign policy* ng Libya sa Pilipinas (Hernandez, 2012), may maikling komentaryo naman si Mark Edel Diaz (2017) tungkol sa pagkalas (*withdrawal*) ng ilang Aprikanong bansa sa *International Criminal Court* (ICC) katulad ng Burundi, South Africa, at Ghana—at ipinaliwanag kung papaano ito nakaapekto sa konteksto ng Pilipinas. Isang halimbawa ng



ugnayan ng mga Pilipinong migranteng manggagawa at Aprika ay makikita sa kaso ng bansang Libya (Vilog & Ballesteros, 2015; Castañaga, 2016).

Yamang nabanggit ang bansang Libya, matatandaang naging mahalaga ang papel nito sa pagsuporta ng lider na si Muammar al-Gaddafi sa samahan ng *Moro National Liberation Front* (MNLF) ng mga Pilipinong Muslim para sa kanilang pakikibaka at pagsasarili at/o pagkalas sa Pilipinas. Naipaliwanag ng mga pag-aaral ni Carmen Abubakar (1999a, 2011) at nina Marites Dañguilan Vitug & Glenda Gloria (2020) ang halaga at ugnayan ng mga bansang Aprikano katulad ng Libya, Morocco, at Egypt sa kasunduang pangkapayapaan ng mga Muslim at pamahalaan ng Pilipinas noong 1996. Maiuugat pa ang pakikipag-ugnayan ng MNLF sa *Organization of Islamic Conference* (OIC) na unang nagpulong sa Rabat, Morocco hanggang sa pagkakalagda ng *Tripoli Agreement* sa Libya noong 1976 bilang tanda ng mahalagang hakbang sa paglutas ng suliranin sa Mindanao (Abubakar, 1999a). Samantala, nang ideklara ang Batas Militar sa Pilipinas, may ilang organisasyon ng mga mag-aaral sa Cairo, Egypt ang nagprotesta rito (Abubakar, 1999a, 2011).

Noong 2023 hanggang 2024, lumitaw ang mga malikhaing akda ni Omilani Alarcon, isang Afro-Filipina na sumulat ng karanasan, kultura, at kasaysayan ng isang Aprikano-Pilipinong katulad niya. Nasalamin ito sa kaniyang tatlong pangunahing akda—*Latinegras: Afro-Latino History and Culture* (Alarcon, 2023); *Afro-Filipina: History & Culture* (Alarcon, 2024a) na tinawag bilang “The First Afro-Filipino History Book Ever”; at *Afro-Filipina: Shopaholic* (Alarcon, 2024b).

Sa pagitan ng taong 2024 at 2025, may ilang Pilipinong pag-aaral ang nagtampok muli sa Aprika. Halimbawa nito ay ang pananaliksik ni Noel Sinco (2024) kung saan kaniyang tinalakay ang ugnayang panlabas (*foreign policy*) ng Pilipinas sa mga tinurang “African Small States” katulad ng Gabon at The Gambia. Nailista pa sa nasabing pag-aaral ang ilang *bilateral agreement* na namagitan sa Pilipinas at sa mga Aprikanong bansa katulad ng Angola, Burkina Faso, Burundi, Cape Verde, Congo, Ivory Coast, Eritrea, Djibouti, Egypt, Eswatini (Swaziland), Gabon, Gambia, Kenya, Lesotho, Libya, Malawi, Mozambique, Namibia, Nigeria, Sao Tome, Senegal, Seychelles, South Africa, Togo, at Tunisia (Sinco, 2024, pp. 230-234).

Umambag din ang aking komemoratibong pag-aaral (Tugano, 2025a) hinggil sa ugnayang namagitan sa Pilipinas at bansang Morocco. Ito ay isinulat bilang paggunita ngayong 2025 sa ika-50 taong anibersaryo ng nasabing diplomatikong ugnayan na nagsimula noong 1975. Gayumpaman, kumalas kahit papaano ang nasabing pag-aaral sa kinagisnang pag-uugnay na kadalasang sinisimulan sa aspektong diplomasya. Bagkus, binanggit sa aking



pag-aaral na maiuugat pa ang sinaunang ugnayan ng Pilipinas at Morocco noon pang 1519.

Mga Aprikano at iba pang mga banyagang nagsulat tungkol sa ugnayan ng Aprika at Pilipinas

Kailangan ding mabigyan ng pagpapahalaga at pagpupugay ang mga Aprikanong nag-aral tungkol sa ugnayan ng kani-kanilang bansa at Pilipinas. Sa pagkakalathala ng *Pagpapakilala sa Aprika* (Aquino, 1992a), kabilang doon ang akda ni James (1992) na tumuon sa pangkabuoang sosyo-kultural at politikal na kaunlaran sa Aprika at kung papaano ito maipauunawa sa mga Pilipino (James, 1992, pp. 14-24). Lakip ng nasabing aklat ang tugon ng ilang Aprikanong bansa sa mga ugnayan nito sa Pilipinas. Kabilang na ang Nigeria (Owolabi, 1992) at Senegal (Go, 1992) na bagaman ang huli ay inilahad ng isang Pilipinong Konsul, kinatawan naman ni Edward Go ang Embahador ng Senegal sa Pilipinas na si Keba Birane na noon ay nakahimpil sa Tokyo, Japan (Go, 1992, p. 12).

Ang isa sa mga prominenteng Aprikanong nag-aral ng ugnayan ng kontinente at Pilipinas ay si Saliba James ng Nigeria na nabanggit nang nagturo at nagtapos ng Doktorado sa Kasaysayan sa UP Diliman. Ang kaniyang mga pag-aaral (James, 1995, 2015) ay tumuon sa ugnayan ng mga OFW at Nigeria. May isa rin siyang pag-aaral (James, 1996) tungkol sa komparatibong pagtingin sa Himagsikang 1896 ng Pilipinas at ilang anti-kolonyal na pakikibaka sa Aprika at karanasan ng Pilipinas sa epidemiyang kolera noong (James, 1994).

Sa kasalukuyan, ang Kenyan na si Satwinder Rehal ng Helena Z. Benitez School of International Relations & Diplomacy, Philippine Women's University (PWU) ang umuusbong na Aprikanong iskolar na nagpakadalubhasa sa ugnayan ng Aprika at Pilipinas sa lente ng *International Studies at Global South Studies*. Ilan sa kaniyang mga natatanging pag-aaral ay tumuon sa ugnayang isports (Rehal, 2013a, 2015a, 2016a, 2020a), partikular sa bansang Kenya (Rehal, 2022); ugnayang pangkalusugan (Rehal, 2012a, 2014a); ugnayang pang-edukasyon (Rehal, 2012b, 2018) at migrasyon (*mobility*) sa kabuoan (Rehal, 2017). Mayroon din siyang pag-aaral tungkol resepsiyon ng Aprika sa mga teleseryeng Pilipino (Rehal, 2016b, 2020b). Kinahiligan din ni Rehal na pagkomparahin ang mga Pilipino at Kenyan. Nasalamin ito halimbawa sa kaniyang pagkokompara kina Benigno "Noynoy" Aquino III at Uhuru Kenyatta (Rehal, 2013b); Manny Pacquiao at David Rudisha (Rehal, 2010a); at Jose Rizal at Jomo Kenyatta (Rehal, 2011a). Gayundin ang pagkokompara at/o paglalapat ng mga kaugalian at polisiya ng Pilipinas at Kenya—katulad ng *automated elections* (Rehal, 2010b); pagkalinga sa mga matatanda (*senior citizens*) (Rehal, 2014b); *Brigada Eskwela* at *Harambee* (Rehal, 2011b); at *siren policy* (Rehal, 2015b).

Gayumpaman, bibihira lamang ang katulad nina James at Rehal sa mga Aprikanong



nagkainteres sa ugnayan ng Pilipinas at Aprika, sapagkat karamihan pa rin sa mga akdang lumitaw ay bunga ng iskolarsyip ng Kanluran, na isinulat ng “iba pang mga banyaga,” ibig sabihin, liban pa sa mga Aprikano at/o di-Aprikano. Habang ipinapakita ng ilang literatura ang ugnayan ng Aprika at Timog Silangang Asya (Hunter, 1964; von der Mehden, 1965), naging espesipiko ang ibang pananaliksik sa pag-uugnay ng Pilipinas at ilang Aprikanong bansa. Hindi maihihiwalay ang Pilipinas sa usaping pangkapaligiran kaya naging bahagi ito ng komparatibong pag-aaral, sa tuwing tinatalakay ang kapaligiran ng Aprika katulad sa Cameroon (Bussan, 2013); pagbabagong klima sa Kenya, Malawi, at Ethiopia (Murphy & Tembo, 2014); pangkalusugan sa Ghana, Zambia, at Uganda (Bossert & Beauvais, 2002); at isyu sa sakit na malaria sa Burkina Faso, Senegal, at Ethiopia (Albertini *et al.*, 2012).

Ikinompara rin ang ilang isyu at polisiya ng Pilipinas at ilang Aprikanong bansa sa pambansang suliranin na kapwa kinahaharap ng dalawang rehiyon. Kapwa itinampok at ipinaghambing ang Pilipinas at Burkina Faso sa isyu ng pagkain at dispuwestuhan (Melgar-Quinonez *et al.*, 2006; Bracken *et al.*, 2009); edukasyon sa Rwanda at Algeria (Honeyman *et al.*, 2022); pagpapaplanong pangwika sa Malawi at Mozambique (Kaplan & Baldauf, 1999); makataong pagtugon sa South Sudan (Alcayna & Al-Murani, 2016); usaping kaunlaran sa Uganda at Cameroon (Browne & Maya, 2003); at usaping politikal sa Senegal (Buckley, 2016), Egypt (Kirkwood, 2016), at Uganda (Ishii, 2017).

Tumuon ang ilang komparatibong pag-aaral sa usapin ng paggawa (*labor*). Ang Pilipinas ay naihalintulad sa mga magsasaka ng *palm oil* sa Ghana (Huddleston, 2006); kababaihang manggagawa (Oxfam, 2020) at mga minero ng Zimbabwe (Jennings, 1999a); kabataang manggagawa sa Lesotho (Porreca & Rosati, 2019) at Niger (Jennings, 1999b); at gayundin ang sektor ng mga may kapansanan sa Zimbabwe (Lagerkvist, 1992).

Lumitaw din sa ilang pag-aaral ang presensiya ng mga Pilipinong manggagawa sa Aprika—*i.e.* Ghana (Hutter, 2013; Ibrahim & Vitto, 2020) at Morocco (Asselman, 2019) at gayundin ang mga Pilipinong sundalong naglingkod sa United Nations Military Mission sa Liberia (Jumai'an *et al.*, 2012). Sa katumayan, kalimitang pinag-aaralan ang kalagayan at polisiya ng Pilipinas upang gawing modelo ng ilang estrukturang panlipunan ng mga Aprikano. Halimbawa, ang industriya ng *seafaring* sa Kenya (Too & Adenya, 2024) at *health services* sa Liberia (Podah, 2019) ay humugot sa sistema ng Pilipinas at kagyat na inilapat sa kalagayan at polisiya ng kani-kanilang mga bansa.

Kalimitan din pinaghahambing ang Pilipinas at ilang Aprikanong bansa sa isyu ng terorismo. Liban sa Mozambique (de Coning *et al.*, 2022), komparatibong pinag-aralan ang *Movement for Democracy and Justice* ng Chad at *Moro National Liberation Front* (MNLF) (Ghais,



2019); Boko Haram ng Nigeria at Abu Sayyaf at Maute ng Pilipinas (Zenn, 2019); at ilang rebelde ng kontemporaryong Congo at Sierra Leone (Wong, 2010).

Sa ibang historikal na pag-aaral, lumabas din ang ugnayan at/o pag-uugnay at paghahambing sa Pilipinas at Nigeria sa kolonyalismo at unyonismo (Kaplan, 1965); sa mga digmaan sa Algeria (Hall, 2008; Roberts, 2022) at digmaan sa Namibia (Dale, 2007).

Sa lahat ng pag-aaral na naisulat ng “iba pang mga banyaga” ukol sa ugnayan ng Pilipinas at Aprika—South Africa ang pinakamarami sa mga ito. Liban sa usaping batas at ekonomiya (Haynie, 2004; Desierto, 2009; Putri & Murwendah, 2019), edukasyon (Pohl, 2011), madalas din silang napag-uugnay sa usaping pangkapaligiran at polisiyang nakasalig dito (Arnold, 1997; Kehew *et al.*, 2013). Gayundin sa kasaysayan. Kapwa ipinakita nina Hyslop (2011) at Belson (2016) ang nagkakatulad na karanasan ng mga South African at Pilipino sa nagdaang South African War o Boer War (sa South Africa at kasalukuyang Eswatini [Swaziland noon]) at Digmaang Pilipino-Amerikano na parehong naganap mula 1899 hanggang 1902.

Ang ganitong pagtatagpo at presensiya ng mga Afro-Amerikano sa kasaysayan ng Pilipinas ay naipakita na rin sa ilang Pilipino (San Juan, 2009, 2010) at banyagang (Russell, 2014; Morey, 2019) pag-aaral. Samantala, itinampok naman ni Schiavone (2007) ang mga kilusang bayan sa South Africa katulad ng *Congress of South African Trade Unions* (COSATU) at *African National Congress* (ANC) at kung papaano ito maihahalintulad sa *Kilusang Mayo Uno* (KMU) at *Communist Party of the Philippines* (CPP) ng Pilipinas.

Mga Pilipinong nagsulat tungkol sa Aprika at/o ugnayan ng Aprika at Pilipinas sa wikang F/Pilipino

Hindi katulad ng *Area Studies*, hindi problema ng *Araling Kabanwahan* ang suliranin ng globalisasyon (Navarro, 2012, p. 122) na isang sangay ng kapitalismo (Afolabi, 2020, p. 95) at kung tutuosin, nag-ugat sa diwa ng kolonyalismo. Ito ang dahilan kung bakit sa Kanluraning pag-aaral ng *Area Studies* sa anyo ng geograpikal, nasyonal, at kultural na lente, tila hiwa-hiwalay at/o watak-watak ang pag-aaral ng Aprika na kadalasang nakabatay at/o nasusukat sa “kaunlaran” at “modernisasyon” at sa usapin ng lahi. Halimbawa, ang demarkasyon na iginuhit sa pagitan ng Hilagang Aprika at/o Mundong Arabo kontra sa tinawag na “Black Africa,” “Equatorial Africa,” “Sub-Saharan Africa,” at “Dark Africa” (Duka-Ventura, 1992, p. 25). Samantala, sa *Araling Kabanwahan*, pinag-aaralan nito ang kabuoang Aprika na hindi nakabatay sa demarkasyon at pamantayan ng Kanluran ngunit mas tuon ang ugnayan at/o pag-uugnay nito sa Pilipinas at talastasang Pilipino.

Gayumpaman, hindi rin mapasusubaliang kakaunti lamang ang mga akdang naisulat



tungkol sa ugnayan ng Pilipinas at Aprika na nasa wikang F/Pilipino. Halimbawa, nababanggit lamang ang bansang Madagascar dahil sa ugnayan nito sa Pilipinas dulot ng migrasyong Austronesyano (Salazar, 2006; Lasco, 2015) at pagkakatulad ng kanilang mga sasakyang pandagat o bangka (Isorena, 2013a, 2013b). Sa katunayan pa nga, batay sa ibang banyagang pag-aaral, sinasabing ang mga Austronesyano ay nakarating pa hanggang sa Comoros (Brucato *et al.*, 2018), na nagsilbing posibleng tulay nito patungong Silangang Aprika.

Sala-salabat ang paglitaw ng mga akdang isinulat ng mga Pilipino tungkol sa ugnayan ng Aprika at Pilipinas na nasa wikang F/Pilipino. Ang lahat ng kabilang dito ay maituturing bilang natatanging ambag sa Araling Aprikano sa diwa ng *Araling Kabanwahan*.

Unang lumitaw sa wikang F/Pilipino ang Aprika noong kasagsagan ng Batas Militar, kung saan inilathala ang akdang *Ang Kasaysayan: Diwa at Lawak* bilang natatanging isyu ng *Dyornal ng Malawakang Edukasyon* (Salazar, 1974-1975) (tingnan Navarro, 2012, p. 8). Kabilang sa nasabing dyornal ang pagpaksa sa mga sinaunang kasaysayan ng daigdig. Unang lumitaw ang Aprika sa akda ni Noel Teodoro (1974-1975) na “Ulat Ukol sa Makalumang Ehipto.” Sa katunayan, ang pamagat ng labintatlong sangguniang ginamit sa artikulo ay isinalin din niya sa wikang F/Pilipino (Teodoro, 1974-1975, p. 484).

Noong 1985, inilathala ng Novosti Press Agency ang saling aklat ng Rusong si Dmitri Yefimov (1985) na *Ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig at ang Tadhana ng mga Asyano at Aprikano*. Bagaman nabanggit ni Yefimov (1985) ang tadhana ng mga Asyano at Aprikano, ang Novosti Press Agency na siyang naglathala ng libro ay bahagi ng propagandang Ruso. Kahit na nasa wikang F/Pilipino, hindi ito batay sa oryentasyon at perspektibang Pilipino samakatuwid, hindi ito maaaring maging kabilang sa Araling Aprikano at *Araling Kabanwahan* (A. Navarro, personal communication, Oktubre 30, 2024). Ang akdang ito ni Yefimov (1985) ay bahagi ng *Area Studies* ng mga Ruso.

Sa mga panahong lumabas ang akda ni Teodoro (1974-1975), nagsisimula pa lamang ang pagtatangkang maipasok at matalakay ang Aprika sa Pilipinas, gamit ang wikang F/Pilipino, lalo na sa mga kuwentong-pambata at ilang tula (Castillo, 1974; Tinio, 1975; Pineda, 1987, 1994; Laureado & Millare, 1990). Panahon pa rin ng Batas Militar, lumitaw ang akdang *Salita at Buhay na Pinagdaanan ng Villanong si Rodantes at ng Prinsesa Rosenda sa Kaharian ng Aprika* ni Jacinto Castillo (1974) at *Eklipse sa Aprika* ni Rolando Tinio (1975). Samantala, pagkatapos ng diktadurang Marcos, lumitaw ang tulang *Ayon sa Isang Ina sa Timog Aprika* ni Rosalinda Pineda (1987) na muling inilathala noong 1994 (Pineda, 1994). Isinulat naman nina Cristino Laureado & Onie Millare (1990) ang isang kuwentong pinamagatang *Ang Prinsipeng*



Ayaw Magsalita: Isang Kuwentong-Bayan mula sa Aprika. Nakapaglathala rin si Pedro Arenas (n.d.) ng *Geografang Awit: Europa, Asia, Aprika, Amerika, Oceania, Hango sa Mapa ng Daigdig*, tungkol ito sa geograpiyang pandaigdig.

Higit na salat sa mga akademikong pag-aaral ang pagtalakay sa ugnayan ng Pilipinas at Aprika at/o pagtalakay ng mga Pilipino tungkol sa Aprika na nasa wikang F/Pilipino. Liban sa pagpapakilala ni Teodoro (1974-1975) sa Egypt at Aprika, matagal muling lilitaw ang nasabing pag-uunay. Sa katunayan, ang pagtalakay sa Aprika ay minsan ding naisasama sa mga teksbuk ukol sa Kasaysayan ng Daigdig. Gayumpaman, hindi sa lahat ng pagkakataon, natatalakay ang Aprika sa mga teksbuk. Halimbawa, sa *Kasaysayan ng Daigdig, Ikalimang Edisyon* nina Gregorio Zaide & Sonia Zaide (2002), bagaman naipakita ang papel ng Hadar, Afar Desert, malapit sa Addis Ababa, Ethiopia, bilang pinagmulan ng mga sinaunang *hominid* o labi ng tao (Lucy) (Zaide & Zaide, 2002, p. 7), tanging Egypt lamang, na tinawag pa ngang “Biyaya ng Nile,” ang bukod tanging tinalakay na sibilisasyong nagmula sa Aprika (Zaide & Zaide, 2002, pp. 22-28). Pahapyaw na mababanggit ang Aprika sa yugto ng “Makabagong Daigdig” kung saan inililista sa bahaging ito ang mga bagong nagsasariling bansa mula noong 1944—kabilang ang ilang mga bansa sa Aprika (Zaide & Zaide 2002, p. 396).

Sa kabila nito, pinalakas at naglaan sina Grace Estela Mateo *et al.* (2005) ng isang hiwalay na kabanata ukol sa “Kabihasnan sa Africa at mga Pulo sa Pacific.” Bagaman tinalakay nang hiwalay ang Kabihasnan sa Sinaunang Ehipto, itinampok sa kanilang akdang *Kabihasnang Daigdig: Kasaysayan at Kultura*, ang Kaharian ng Axum sa Ethiopia, ang Kalakalang Trans-Sahara na namagitan sa Hilagang Aprika at Kanlurang Rehiyon ng Sudan; at ang paglitaw ng mga kabihasnan sa Kanlurang Aprika katulad ng Ghana, Mali, at Songhai (Mateo *et al.*, 2005, pp. 147-149).

Sa *Kasaysayan ng Daigdig* nina Evangelina Lindayag & Grace Untal (2009), muling tinalakay ang mga sibilisasyon sa sinaunang Aprika. Katulad din halos sa mga kabihasnang inilahok nina Mateo *et. al* (2005), ngunit idinagdag nina Lindayag & Untal (2009) ang Imperyong Kanem-Bornu na sumibol sa kasalukuyang mga bansa ng Nigeria, Niger, Cameroon, Libya at Chad at Imperyong Kush ng Sudan at Egypt (Lindayag & Untal, 2009, pp. 75-76).

Kapansin-pansin din ang pagkakagamit sa *kabihasnan* (Mateo *et al.*, 2005) kompara sa *sibilisasyon* (Zaide & Zaide, 2002; Lindayag & Untal, 2009) upang tukuyin ang bawat sinaunang pamayanan sa Aprika. Sa katunayan, ang “kabihasnan” ay karaniwang ginagamit ng *Pantayong Pananaw* upang tukuyin at aralin ang Asya [at Aprika] sa panloob na perspektibong Pilipino. Ang esensiya ng “kabihasnan” ay tugon ng mga Asyano [at



Aprikano] sa konseptong ginamit ng Kanluran—“sibilisasyon” (*civitas*) na may pagkiling sa kalinangang Europeo na nakasalig kadalasan sa kalinangang Greko-Romano (Santos, 2020, p. 16).

Inilathala ng *Philippine Humanities Review* ang komparatibong pag-aaral ni Pamela Constantino (2005) ukol sa globalisasyon. Sa kaniyang artikulong “Homogenisasyon o Pluralismo? Paghahanap ng Solusyun sa Problema sa Globalisasyon mula sa Karanasan ng Ilang Kaparehong Nasakop na mga Bansa sa Asya, Aprika, at Latin Amerika,” pahapyaw na tinalakay ang Aprika sa isyu ng globalisasyon (Constantino, 2005). May nailathalang artikulo ang *Philippine Collegian* ng UP Diliman, ang “Sigwa sa Disyerto: Ang mga Tunggalian sa Gitnang Silangan at Hilagang Africa” ni Kevin Mark Gomez (2011). Tungkol ito sa ilang Digmaang Sibil na naganap sa Libya (*Libyan Civil War*) noong 2011. Gayumpaman, taong 1999 pa naipaliwanag ni Carmen Abubakar (1999b) sa kaniyang “Ang Hijrah ng MNLF: 1974-1996” ang Libya (at Egypt) at ang tungkulin at/o pakikipag-ugnayan ng mga Aprikanong bansang ito sa MNLF ng Pilipinas.

Muling lilitaw ang Aprika, partikular na ang Kenya sa mga artikulong pananaliksik nina Jose Edgardo Gomez Jr. (2014) na “Ilang Aral Mula sa Bayan ng Hakuna Matata: Paghambing ng mga Suliraning Panlungsod ng Metro Nairobi at ng Metro Manila” at Jyferon Villapa (2016) na “Ang Isla ng Calauit bilang Kanlungan ng mga Buhay-Iláng at mga Hayop, 1976-2013.” Itinuon ni Gomez (2014) ang komparatibong pagsusuri sa kabiserang Nairobi, Kenya at Maynila na aniya kapwa humarap sa suliranin ng urbanisasyon, kahirapan, at nasisirang kapaligiran. Bagaman itinuon naman ni Villapa (2016) ang sanaysay sa *Araling Pangkapaligiran* at *Kasaysayang Pangkapaligiran* (Orillos-Juan, 2016), kaniyang tinalakay ang proyektong sinimulan ni Marcos sa Calauit, Palawan noong 1977, kung kailan ang Pilipinas ay umangkat ng mga hayop mula sa Kenya katulad ng impala, giraffe, zebra, waterbuck, bushbuck, eland, gazelle, at topi (Villapa, 2016, p. 175). Ang nasabing proyekto ay lubhang nakapaminsala kapwa sa mga katutubong Pilipino at mga hayop na inangkat mula sa Aprika.

May ilang pag-aaral ang pumaksa sa kaisipan ng mga kilalang Aprikano. Sa akdang “Pag-angkin sa Politika at Poetika ng Piling Tula ni Nicolas Guillen sa Karanasang Pilipino: Isang Pagsasaling Ideolohiko” ni Jonathan Geronimo (2016), isinakonteksto ang mga tula ng Afro-Cubanong si Guillen upang mailapat ito sa karanasan ng mga mambabasang Pilipino. Ipinakita ni Guillen sa kaniyang mga akda ang natatanging kasaysayan at karanasan ng mga Negrong Cubao. Samantala, sa pag-aaral na “Nelson Rolihlahla Mandela (1918-2013): Ang Ama ng Demokratikong Timog Afrika, Tagapagsulong ng Pagkakaisa at Pagkapantay-pantay” ni Auria Arabit (2016), itinampok ang kaisipan ng Timog Aprikanong si Mandela na kilala sa kaniyang pagtuligsa sa sistemang *Apartheid* o isang batas na sumikil mula 1948



hanggang 1994 sa karapatan ng mga Aprikano sa South Africa sapagkat ipinaghihiwalay noon (*racial segregation*) ang mga tao batay sa kulay. Ang sistemang *Apartheid* ay laganap din sa South West Africa na kilala na ngayon bilang Namibia.

Sa kasalukuyan, lumilitaw din ang ilang tala ukol sa Aprika sa anyo ng mga saling panitikan sa lebel ng sekondaryang edukasyon. Halimbawa, ang *Ikatlong Markahan-Modyul 1: Mitolohiya Mula sa Africa ng Baitang 10* ng Departamento ng Edukasyon (DepEd) ay tumatalakay sa mga panitikan ng Aprika at Persia. Kabilang dito ang *Liongo* (Urgelles, 2020a), isang panitikan mula sa Kenya at *Maaring Lumipad ang Tao* (Urgelles, 2020b) mula naman sa Nigeria, na kapwa isinalin ni Roderic Urgelles. Sa ibang aklat (PEAC & DepEd, 2019), tinatalakay din sa klase ang “Hele ng Ina sa Kaniyang Panganay,” isang tula mula sa Uganda na isinalin ni Mary Grace Tabora (2019). May sinipi ring maiikling kuwento bagaman ay walang may-akda—“Ang Zebra: Ang Mailap na Kabayo ng Africa (WA, 2019a, p. 153)” at “Mula sa Africa: Lagalag sa Siyudad ng Bamako (WA, 2019b, p. 154)” na kung saan binanggit si Louis Léon César Faidherbe, ang nagsilbing Gobernador ng Senegal. Ang Bamako ay kasalukuyang kabisera ng bansang Mali. Isinalin din ni Francis Rodolfo Marcial Jr. (2019) ang akdang “Ang Panganib ng Kuwentong may Iisang Pananaw.” Ito ay isang talumpating binigkas ng nobelista at aktibistang babaeng mula sa Nigeria na si Chimamanda Ngozi Adichie sa Oxford England noong 2009. Samantala, ang nobelang *Things Fall Apart* ng Algerianong si Chinua Achebe (1958) ay isinalin ni Julieta Rivera.

Noong 2023, ang aking pinamatnugutang aklat na *Banwa at Layag: Antolohiya ng mga Kuwentong Paglalakbay ng mga Pilipino sa Ibayong Dagat* (Tugano, 2023b) ang maituturing bilang isa sa mga unang akdang bultuhang nakapag-ambag ng sanaysay hinggil sa direktang ugnayan ng Pilipinas at ilang bansa sa Aprika. Liban sa mayroong espesipikong bansang tinalakay, naisusulat pa ito sa wikang F/Pilipino. Kabilang dito ang sanaysay ni Embahador Elmer Cato (2023) na “Assignment: Tripoli, Libya,” hinggil sa kaniyang karanasan noong 2000 habang nasa Tripoli, Libya, pinasugo siya ng Pilipinas sa nasabing bansa upang gabayan ang mga binihag ng mga Abu Sayaff sa Sipadan, Malaysia (Cato, 2023, pp. 368-370).

Liban dito, dalawang sanaysay naman ang pumaksa sa Ethiopia (Navarro, 2023; Ngales, 2023). Gamit ang *Araling Kabanwahan* at *Lakbay-Kabanwahan*, inihambing ni Atoy Navarro (2023, pp. 391-397) sa kaniyang sanaysay na “Lakbay-Kabanwahan sa Addis Ababa: Pagbabalik-tanaw sa Kasaysayan ng Sakit na Ketong sa Ethiopia” ang kasaysayan ng sakit na ketong o *lamts* (sa wikang Amharic) sa Pilipinas at Ethiopia. Samakatuwid, pinagtuonan niya ang *Araling Pangkalusugan*. Samantala, kalusugan din ang itinampok ni Marilyn Ngales (2023, pp. 371-390) sa kaniyang “Pamumuhay sa Bingit: Isang Makasariang Pagtunghay sa Bolunterismo ng VSO sa Rehiyong Benishangul Gumuz, Ethiopia (2004-2005)” nang kaniyang



talakayin ang usapin ng sanitaryo sa paaralan ng mga grupong Gumuz, Amhara, Shinasha, Berta, at Oromo. Kasabay din nito ang pagdiin at ambag sa *Araling Kababaihan* nang isangkot sa kaniyang sanaysay ang ilang kabataang babae na nasasangkot sa prostitusyon.

Noong 2023, bagama't hindi mga Pilipinong awtor, lumabas ang akdang *Freedom: Mga Kuwento ng Pinansyal na Kalayaan ng mga Imigrante sa Africa* nina Olumide Ogunsanwo & Acani Samon Biaou (2023), isang akdang isinalin sa F/Pilipino. Tungkol ito sa kuwento nina Ogunsanwo at Biaou na namuhay bilang mga imigrante sa Estados Unidos at Europa, lakip ang kanilang mga aral hinggil sa wastong pamumuhay at kalayaan sa pananalapi.

Ngayon ding taon, isang ambag ang aking artikulo (Tugano, 2025b) na "Sina Saliba James at Satwinder Rehal at kanilang mga Ambag sa African Studies sa Pilipinas" sa kambal na pagpapahalaga sa *Araling Kabanwahan* bilang pag-uugnay sa mga kaugnay na bayan at kabihasnan (Navarro, 2012) at *Araling Kapantasan* bilang "sistematikong eksposisyon sa wikang Filipino ng kaisipan ng mga pantas ng akademiya, pangunahin na ng mga Pilipinong pantas (Santos, 2024, p. 18)." Bagaman hindi isinilang bilang mga Pilipino sina James at Rehal, ang pagtunton sa kanilang akademikong kapantasan ay isang bahagi ng kabanwahan pag-uugnay sa akademiya ng Pilipino at Aprikano.

Kongklusyon: Tunguhin ng Araling Aprikano sa Pilipinas

Sa proseso ng paglilinang sa Araling Aprikano sa diwa ng *Araling Kabanwahan*, makikita ang ilang kasalimuotan nito. Una, ang kakulangan sa mga Pilipinong mananaliksik, nagpapakadalubhasa, at nagkakaroon ng interes sa Aprika bilang isang erya at rehiyon. Pangalawa, ang kakulangan at/o kawalan ng programa at institusyong kakanlong dito. Halimbawa, binanggit ni Napoleon Casambre (1992) ang mungkahi ni Oscar Evangelista na magkaroon ng *African Area Studies Program* sa UP Diliman. Hindi lamang ito sa kaso ng UP ngunit ang mga programang pang-edukasyon sa Pilipinas, na dapat kumanlong sa Araling Aprikano katulad ng Kasaysayan, Literatura, at Agham Pampolitika ay halos hindi na ito pinag-uukulan ng pansin at kung minsan, inaalís pa bilang kurso. Ang ganitong pagkilos ay mauuwi sa ikatlong kasalimuotan—ang kakulangan sa kaalaman hinggil sa rehiyon. Maliban sa mga nabanggit ni Evangelista (1992) na mga "alamat ukol sa Aprika" o esteriotipo ukol sa kontinente, hindi pa rin nawala ang ganitong baluktot na pagtingin ng ilang Pilipino sa Aprika, na siyang masasalamín sa ilang teksbuk sa hayskul. Tiningnan ang Aprika bilang magulo, marahas, batbat ng kahirapan, epidemya, at sakuna (PEAC & DepEd, 2019, p. 145) na kung tutuosin ay mapagmalabis at superpisyal. Ang edukasyon sa Pilipinas ay higit na



nangangailangan ng kamalayang magbubukas sa pang-unawa sa ating mga *kapwa* o kaugnay na bayan at/o kabihasanan at hindi bilang mga *iba*.

